JUN 3 1957

Magasin ng BAGONG Buhay

HUNYO 2, 1957



Buwan Ng Pagharap sa Dambana...

## Mga Sulat Sa Editor

Mainam ang binuksan ninyong pitak para sa mga kabataan. Ang anak ko ay isa sa mga binigyang-sigla ng pitak ninyong iyan. Sa ngayon ay hindi nga naman magkaroon ng pagkakataon ang mga kabataan nating "mahilig sa pagsulat" na makapagpalathala ng mga "bunga ng kanilang panitik". Nguni't sa inihandog ninyong pagkakataon para sa kanila ay nabuhayan sila ng pag-asa.

Hinahangad kong magpatuloy ang pagtatagumpay ng inyong magasin. —*Fidelino Predo, Bigaa, Bulakan.*

**Salamat sa inyo, Mang Lino... —ED.**

---

Nakatutuwa ang inilathala ninyong "Satsatan sa Barberya" noong Linggo. Kapanapanabik at makatotohanan sa buhay. Nguni't tila nagkamali lamang ang petsa ng binanggit ninyong pangyayari tungkol sa pagpatay ng isang ama sa kanyang limang anak. Sa pagkatanda ko, nang mangyari iyon ay araw ng Linggo, at hindi Lunes. —*Gng. Amelia Santos, Economia, Sampaloc, Maynila.*

**Matandain kayo, Gng. Santos. Tama ho, Linggo nga pala nang mangyari iyon. —ED.**

---

Bakit hindi pa kayo naglalathala ng mga kuwento ng ating mga kabataan? Tatlong linggo na pong lumalabas ang inyong patalastas, nguni't wala pa... —*Mariano Zapurin, Jr., Bangkusay, Tundo, Maynila.*

**Namimili pa lamang kami ng mga maaaring ilathala. Kung may ipinadala ka sa amin para sa pitak na iyon ay abangan mo at baka kabilang sa mga napili naming ilathala. —ED.**

---

Binabati ko po si G. Sisong Kantanod. Kapanapanabik basahin ang kanyang kolumnang pinamagatang "Buhay Pilipino". —*Arturo de Guia, Sta. Ana, Maynila.*

**Ang kasamang Kantanod ho ay kabilang sa "staff" ng aming diyaryong pang-araw-araw, hindi rito sa magasin. Pero hayaan ninyo't "ihahagis" na rin namin sa kanya ang inyong pagbati... at pihong tatlong kamay niyang sasaluhin, kung magkakaroon pa siya ng isang kamay! —ED.**

---

Hihahangad namin ang mabilis na pag-unlad ng *Bagong Buhay.* Malaki po ngayon ang iginanda ng inyong pahayagan, maging ang "daily" at maging ang magasin.

Magkano po ba ang ibinabayad ninyo sa mga kuwento? May sinusulat po akong isa, at ibig kong malaman kung magkano naman ang aking tatanggapin. —*Gerry Bustamante, Lunsod ng Pasay.*

**Ang lagay ho, e... hindi kalitan at di naman kalakihan. Pero kung ibibili ninyo ng papel-makinilyang gagamitin sa pagsusulat ng kuwento, e makasusustine na ho siguro kahit sa ilang libo mang ulit na "pagbibilang ninyo ng bituin sa katanghalian!" —ED.**

(Sundan sa pahina 20)

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RANOLA

GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad

PETE VENEZUELA — Sa sining



# Tag-ulan Na...

MASAYA si Mang Huwan nang manaog na patungo sa madyungan. Hindi pa siya nakalalayo sa kanilang bahay ay may naramdaman siyang pumatak sa kanyang ulo.

Napatingala si Mang Huwan. Naglalakad siya sa bangketa, at ang akala niya'y may kung sinong lumura buhat sa bintana ng bahay na kanyang nadaraanan.

Hindi pala tutoo ang hinala ni Mang Huwan. Nakita niyang nagdidilim ang langit. At ang naramdaman niyang patak ay mga unang patak ng bumabagsak na ulan.

At noon lamang niya naisip na tag-ulan na nga pala, sapagka't buwan na ng Hunyo!

Nagmamadaling bumalik si Mang Huwan. Hindi na siya tutuloy sa madyungan. Kagagaling lamang niya sa trangkaso at mahirap nang abutin pa ng ulan sa daan.

Nang nasa bahay na ay naisip ni Mang Huwan ang mga bagay na nangyayari at nakikita niya kung tag-ulan. Mamamahal na naman ang mga bilihin, laluna ang mga pangunahing pagkaing tulad ng bigas at pang-ulam. At lalong mahihirapan sa mga gastusin ang katulad niyang may maliit lamang na kinikita. Marami pa siyang naisip na kaugnay ng tag-ulan...

Kaya, inilista ni Mang Huwan ang mga bagay na bibilhin niya kinabukasan: pagkaing de-lata, bigas, asukal, mantika, bakalaw, hibi, bawang, sibuyas, kape, gatas, at maraming iba pa. Mabuti na nga naman ang may istak sa bahay. Magpanayan man ang ulan ay nakasisiguro na... at hindi na kakagat sa mga mahal na bilihin.

Hindi rin nakalimutang ilista ni Mang Huwan ang kapote, bakya at sapatos na makapal ang suwelas, para sa tag-ulan.

Iyan ang kabutihan ni Mang Huwan. Maagap sa paghahanda... at hindi na naghihintay ng bagyo bago magsubay.

Ilan kaya ang katulad ni Mang Huwan?

# ...ANG ATING SAPATOS

MATAPOS bilhin ni Mang Huwan ang mga pagkaing inilista niya nang sinundang araw, ay nagtungo siya sa Marikina, Rizal. Doon'niya minabuting bumili ng sapatos na pantag-ulan para sa kanya at sa kanyang mga anak. Mainam nga naman ang yaring Marikina — magaganda at matitibay, bukod sa sarili nating produkto na dapat tangkilikin ng mga Pilipino.

May nalalaman si Mang Huwan na isang tanyag na pagawaan ng mga sapatos sa Marikina. Kakilala niya ang may-ari niyon — si G. Ignacio Cruz.


Inabot ni Mang Huwan na abala ang mga manggagawa sa pagawaan ni G. Cruz. Nang makapagpasukat na siya ng isang sapatos na pantag-ulan at maipili na rin ng tig-iisang pares ang kanyang mga anak, ay nagmasid-masid siya sa pagawaan. Nalibang siya sa panonood ng paggawa ng sapatos, na ang ilan av makikita sa mga larawan...



Pagkatapos tabasin ang mga pang-entrada ay tinatahi naman ang mga gilid upang hindi manisnis. Makikitang abala sa gawaing ito ang apat na manggagawa nina G. Cruz, sina Socorro Mendoza, Adela Andres, Zenaida Gonzales at Lorena Santos...



Samantalang ginagawa ng iba ang mga entrada, ang iba ay naghuhubog at nagkikinis ng mga suwelas at ang iba naman ay gumagawa ng mga takong na gaya ng makikita sa larawang ito...



Si Gng. Luisa Cruz at isang manggagawa sa kanilang pagawaan, samantalang abala sa pagsusukat, paghuhugis at paggugupit ng mga balat at telang ginagamit na entrada ng ginagawa nilang mga sapatos...



Ang mga entrada ay kinakabitan ng makikinang na bato at butones sa ibabaw bilang palamuti. Kung maayos na ay saka isinusugpong sa suwelas na pinapatungan naman ng malalambot na panapin upang maging maginhawa sa paa...



Bago ilagay sa kahon ang mga yari nang sapatos ay sinusuri munang mabuti upang matiyak na walang dipirensiya at magkakapaa. Sina Milagros Cruz at Fe Santos ang nakatalaga sa gawaing ito.


PANGANGASIM NG SIKMURA?



MAGKAMIT NG

*TUNAY NA DAGLIANG LUNAS*

SA PAMAMAGITAN NG MGA TABLETANG

PHILLIPS'

MILK OF MAGNESIA

MASARAP ANG LASA ANIMO'Y KENDY



# TATLONG ANGGULO SA BUHAY NG ISANG INA







Pakikipanayam kay Gng. Leonarda Salvador

ni Maria S. Tonsay

TAHANAN, lipunan, pulitika! Ito ang tatlong anggulo sa buhay ng isang ginang na bagama't hindi gaanong nakikilala sa buong kapuluan ay lubhang malapit naman sa puso ng mga taong kanya nang natulungan at nakadaupang-palad. Ang babaing ito ay si Gng. Leonardo Uchingco-Salvador, maybahay ni Kongresista Serafin Salvador ng Rizal.

Kadalasan nga naman ay nakapagtataka, sapagka't tila hindi kapani-paniwalang ang tatlong bagay na nabanggit ay magampanan ng isang babae sa isang pagkakataon lamang. Alam ng marami na ang pangangasiwa sa tahanan at pag-aalaga ng mga anak ay labis-labis nang tungkulin sa buong maghapon. Subali't ayon na rin kay Gng. Salvador ay matalinong pamamaraan lamang at matatag na pagpapasiya ang kailangan ng isang ginang upang matugunan ang pangangailangan sa bawa't "daigdig" na kanyang ginagalawan. Inaamin ni Gng. Salvador na tunay ngang maykahirapan ang pagtugon sa kahingian ng tatlong daigdig na kanyang ginagalawan nguni't itinuturing niyang walang ano man ito alang-alang sa kaligayahan at katahimikan ng kanilang tahanan at pagbibigay kasiyahan naman sa mga taong nakakaharap niya sa araw-araw.

Bagama't masasabi nating si Gng. Salvador ay napapabilang na sa mataas na lipunan, kailan man ay hindi niya ikinahiyang aminin na siya ang personal na namamahala sa kanilang tahanan. Mayroon man silang mga katulong ay hindi ipinauubaya ni Gng. Salvador ang mga gawain sa mga ito. Ayon sa kanya ay iba nang siya ang kusang humarap sa paghahanda ng mga deli-



*Si Gng. Salvador ay nakunan ng larawan nang siya ay nagsasalita sa harap ng isang malaking kapulungan sa Marikina. Ito ay isang gawaing malimit niyang tinutupad, lalo't kung hindi nakadadalo ang kanyang kabiyak, si Kong. Serafin Salvador ng Rizal.*



*Isa sa mga pangkaraniwang gawain ni Gng. Salvador ay ang magtalaga sa tungkulin ng mga pinuno ng samahan, tulad nang nasa larawan. Dito ay makikita siyang napaliligiran ng mga nagsisipagaral na nanunumpa sa tungkulin bilang mga pinuno ng isang kapisanan.*



*Sina Kongresista at Gng. Salvador, nang ang dalawa'y dumalaw sa Paris, isa sa mauunlad na lunsod na kanilang narating nang sila'y maglakbay sa daigdig noong isang taon.*

**kadong putahe sapagka't karaniwan ay ayaw magsikain ang kanyang mga anak kung hindi siya ang nagluluto niyon. Gayundin naman, siya na ang nagsasabalikat ng paglilinis at pag-aayos ng kanilang tahanan. Bilang katunayan, ang sinumang magsasadya sa tahanan ng mga Salvador sa Marikina, Rizal ay tiyak na masisiyahan sa kaayusan ng kanilang magarang tahanan. At ang lahat nang ito ay bunga ng pagsisikap ni Gng. Salvador na malapatan ang kabahayan ng angkop na kaayusan.**

**Si Gng. Salvador ay isang propesyonal na parmasyotika. Sa kasalukuyan ay mayroon silang botika sa isang mataong pook sa Marikina, ang bayang sinilangan kapuwa nilang mag-asawa.**

**Ang pagsasama nina Kongresista at Gng. Salvador ay nabiyayaan ng apat na bunga. Si Baby, na siyang panganay, ay nasa ikalawang taon na ngayon ng Foreign Service sa Lyceum; si Hernando ay nasa ika-apat na baytang ng mataas na paaralan sa San Beda; nasa ikalawang baytang naman sa Ateneo si Serafin, Jr., at ang pinakabunsong si Zenaida ay sa Elementarya naman nag-aaral.**

Si Gng. Salvador ay wala nang iba pang hangarin **sa buhay maliban sa mapagtapos at maitaguyod sa mabuting landas ang kanyang mga anak. Ukol sa kanyang sarili, ganap na ganap na ang kanyang kasiyahan. Ang dati niyang hangad na makapaglakbay sa daigdig ay natupad na rin. Noong buwan ng Hulyo ng taong lumipas ay kasama siyang naglakbay ng kanyang mahal na kabiyak sa paglilibot sa buong daigdig. Nagsadya sila sa maraming pook sa Estados Unidos. Nakita niya ang malalaking lunsod sa Europa, sa Dulong Silangan at iba pang mga bansa sa malayang daigdig.**

**Masasabing isang malaking tulong sa ikapagtatagumpay ni Kongresista Salvador sa larangan ng pulitika ang kanyang maybahay. Sa araw-araw ay di mabilang ang mga taong nagsisipagsadya sa kanilang tahanan at lalo na sa tanggapan niya sa Kongreso. Malimit na siya'y nalilito at kung magkaminsan ay hindi niya malaman kung sino ang unang pakikiharapan. Subali't ang mga pagkakataong tulad nito ay malimit na nagiging magaan para kay Kongresista pagka't ang kanyang maybahay ay nakapagpapasiya na sa mga magagaang bagay na maaari na niyang lutasing** mag-isa. Isang halimbawa dito ang mga nagsisihanap ng gawain. Hindi iilan na **ang kanyang natutulungan** sa pamamagitan ng pagbibigay ng rekomendasyon. At ito'y isang malaking bagay nang ikinaaawas sa pinapasang gawain ni Kongresista.

**At hindi lamang ito, sa mga panahon ng papulong at mga kampanya, si Gng. Salvador, tulad ng maybahay ng ibang pulitiko, ay naaasahang katulong. Siya'y sanay na sa mga pagtatalumpati at sa pagharap sa mga papulong-bayan.**

**Bilang ginang ng isang may tungkulin sa bayan, si Gng. Salvador ay kaanib sa maraming samahang sibiko. Bilang isang parmasyotika, siya'y kasapi sa Philippine Pharmaceutical Association, pangulong pandangal ng isang samahan ng mga kababaihan sa Rizal at ng isang klub na pambayan sa Marikina. Tagapayo pa rin siya ng Marikina Women's Civil Association, at halal na pangulo ng Pampurok na samahan ng Girl Scout.**


**Sa lipunan, si Gng. Salvador ay tumatanggap ng iba't ibang paanyaya, halimbawa'y ang tumayo bilang pangunahing saksi sa mga bagay na pinasisinayaan, pagtatalaga sa tungkulin ng mga pinuno ng iba-ibang samahan, panauhing pandangal sa malalaking pagtitipon... at marami pang iba. Nguni't tulad ng nabanggit sa unahan, ang mga pagkakataong gaya niyan ay naihahanap ng paraan ni Gng. Salvador upang mapaunlakan niya ang mga kinauukulan.**

**"Iyan ang karaniwang buhay ng maging maybahay ng isang pulitiko," ani Gng. Salvador, "... marami kang pinakikibagayan, marami kang tungkulin sa labas."**

**Nguni't sa ganang kay Gng. Salvador, bukod sa iba-ibang "mahahalagang nagagawa," ang maging maybahay ng isang pulitikong may tungkulin sa bayan ay kailangang maging "mayaman sa pag-unawa." Maraming pagkakataon na inaasahan niyang uuwi sa gayong oras ang kanyang kabiyak, nguni't kung biglang may dumating na ibang pangangailangan ay lagi na lamang siyang nauuwi sa paghihintay at pagpaparaya, at kung saan man sila may lakad ay madalas na siya'y nabibigo. Sa mga pangyayaring tulad niyon kinakailangan ang pag-uunawa.**

> *ANG buhay ng mga dakilang tao'y nagpapagunita sa atin na mababanal natin ang ating buhay, at sa pagyao'y maiiwan sa ating hulihan ang mga bakas sa buhanginan ng panahon.*
> —*Longfellow*


## NAPATUNAYANG PAGSUBOK



BAGONG TABLETANG MABILIS NA NAGDUDULOT NG GINHAWA UKOL SA SAKIT NG ULO, SIPON, PANANAKIT NG KALAMNAN, KASUKASUAN AT TRANGKASO!

BAGONG PORMULA — MAY TATLUHANG BISA

# CAFIASPIRINA

## tuwirang lumalagos ang bisa sa Paligid ng Sikmura!

...sinusugpo ang kirot saan man nagmumula!

ANG 3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" NG CAFIASPIRINA AY NAGDUDULOT SA INYO NG

**3 Ulit ng bisang pamawi-ng-kirot ng aspirin!**

WALA NG MAKAKAPARIS SA BAGONG PORMULANG MAY TATLUHANG BISANG CAFIASPIRINA UKOL SA DAGLI, HIGIT NA MATAGAL NA GINHAWA

Alalahanin, ang **Cafiaspirina** ay nagdudulot hindi lamang isa kundi dalawang dagling nagkakabisang pamawi ng kirot, at may pangatlo pang sangkap na nagbibigay sigla, pinapawi ang panghihina, na malimit kaagibat ng kirot. Ang tatlong-sangkap na ito'y sama-sama't sabay-sabay na nagkakabisa upang magdulot ng mabilis na ginhawa. Bago ninyo malaman, ang kirot ay napawi na pati ng nakababagabag na kaagibat ng kirot




Kapag kayo'y lumunok ng pamawi ng kirot na kailangan dumaan sa sarahan ng sikmura bago makabuti, ang pagkakamit ng ginhawa ay naantala hanggang sa magbukas ang sarahan. Napag-alaman ng mga manggagamot na ang ilan sa mga sangkap ng karaniwang pamawi ng kirot ay binabalam ang pagdaan sa paligid ng sikmura.

**PATUNAYAN NINYO SA INYONG SARILI.** Pagnakaramdam ng kirot, hingin ang pinakamabilis na nagpapaginhawa. Subukin ang bagong pormula, may tatluhang bisang Cafiaspirina ngayon, ukol sa dagli, banayad, tiyak na ginhawa sa sakit ng ulo, sipon, trangkaso at pananakit ng kalamnan.




Datapwa't paglunok ninyo ng may tatluhang bisang **Cafiaspirina** ang walang kabuluhang pagkabalam ay napaparam, di na hinihintay pang makaraan sa sarahan ng inyong sikmura bago magsimulang magkabisa. Ang mga katibayan sa panggagamot ay nagpapatunay na sa sandaling magsimulang malusaw ang tabletang **Cafiaspirina** sa inyong tiyan, ang bisa ay lumalagos sa paligid ng sikmura at sinusugpo ang kirot saan man nagmumula.




BAGONG PORMULA

MAY TATLUHANG BISA

# CAFIASPIRINA

3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

21-2

Each tablet contains: Acetylsalicylic Acid 380 Gm. Phenacetin .075 Gm. Caffeine .025 Gm.

# Maririkit Na I



*Gng. Erlinda Tinsay Ratcliffe ng Maynila. (Larawang kuha ng X'OP)*



*Gng. Virginia Ramirez Sack ng Mindoro. Yari ng Luffels' ang kanyang suot.*



*Gng. Erlinda Leano Jureidini ng Bulakan.*

ANG MGA BUWAN NG MAYO AT ALA SA ATIN SA NAPAKARAMING I MGA BULAKLAK, ANG PAGLILIWA BIRHEN SA ANTIPOLO, ANG MGA S HIWALAY NG DALAWANG PANAHO TAG-ULAN. ITO'Y TANDA RIN NG NGARAP NG MARAMING KABABAI TAHIMIK AT PAGHARAP SA PANIB

ANG MAGAGANDANG BABAING LAMANG SA KABABAIHANG NAGP WALANG ANG MGA BUWAN NG MAY MGA BUWAN NG PAKIKIPAG-ISANG

**ANG NASA PABALAT:**

**Gng. Alice S. Celerian ng Nabotas, Rizal. Ang kanyang kasuotan ay yari sa Madonna's.**

# Damit-pangkasal



Gng. Imelda Reyes Barretto ng Batangas. Ang kanyang magandang damit pangkasal ay yari sa "SLIM'S".



Gng. Trifonia Valenzuela Avendano, ng Kabite isang manggagamot. Ang kanyang suot ay tahi ni Artemio Handog.

HUNYO AY NAGPAPAALA-
BAGAY: ANG PANAHON NG
LIW O PAMIMINTAKASI SA
ANTAKRUSAN, ANG PAGHI-
N — ANG TAG-INIT AT ANG
KATUPARAN NG MGA PA-
HAN: ANG PAGLAGAY SA
AGONG YUGTO NG BUHAY.


NAKALARAWAN AY ILAN
ATOTOO SA ATING PANINI-
'O AT HUNYO AY SADYANG
-PUSO.



Gng. Finina Ayuyao Koh, ng Maynila. Yari ni Bert Hernandez ang kanyang kasuotang ito.



# Mga Pagkain Natin





Ang pitak na ito ukol sa pagluluto ay pansamantalang hahalinhan natin ng isang paraan naman ng pagluluto o paghuhurno ng "cake". Ito'y ang BLITZ TORTE na inihanda ni Ana del Rosario, kaugnay ng kanilang paligsahan ukol sa paghahanda ng "cake" o ang lalong kilala sa taguring "BAKE A CAKE" RECIPE CONTEST. Ang lahat ay inaanyayahang lumahok sa magandang pagkakataong ito, sa gayon ay maaaring kayo'y magkamit ng mahahalagang gantimpala. Ang bawa't isa sa inyong mag-anak ay maaaring magpadala ng inyong "cake recipe".

**BLITZ TORTE**

Ang "cake" na ito ay isa lamang sa napakaraming paraan ng pagluluto ng "cake" sa mantikilya o "butter cake".

**Mga sangkap:**

½ tasang mantikilya

½ tasang asukal
4 na pula ng itlog ng manok
(batihin nang bahagya)
1 kutsarang **vanilla**
3 kutsarang malabnaw na gatas
1 tasang inag-ag na arina
1 kutsarang "baking powder"
4 na "claro" o puti ng itlog
¾ tasang asukal
½ tasang tinadtad na hinurnong **almond**
1 tasang asukal
½ kutsarang **cinnamon**

**Paraan ng pagluluto:**

Paghaluing mabuti ang mantikilya at asukal hanggang sa maging pinung-pino at maging krema.
Idagdag ang pula ng itlog, **vanilla** at gatas.
Pagkatapos ay batihin sa inag-ag na arina at **baking powder.**
Haluing mabuti.
Ilagay o isalin sa dalawang sisidlan na pinahiran ng mantikilya.
Itabi nang ilang sandali.
Batihing mabuti ang puti ng itlog hanggang sa bulang-bula na.

(*Sundan sa pah.* 20)





# Kayo at ang inyong Sanggol

ni Dr. Fe del Mundo
Isinalin sa Tagalog
ni Paraluman S. Aspillera

## Ang Sanggol Na Kulang Sa Buwan

Noong araw, hindi tayo gaanong nakakarinig ng tungkol sa mga ipinanganganak nang kulang sa buwan. Hindi nila pinagukulan ng malaking abala ang ganitong mga panganganak sapagka't karaniwan na at siya nilang inaasahan, na ang sanggol na ipinanganganak ng ganito ay hindi naman nabubuhay. Ang isang maliit na sanggol na mamatay ay laging ipinalalagay na namatay dahil sa kahinaan, na maaaring dahil sa "kahinaan ng dugo" ng magasawa o sa ibang sakit ng mga sanggol gaya ng "infantil beri-beri", bronkoneumonya, o di paglaki ng baga (atelectasis).

Sa mga pagmamasid na ginawa sa maraming pagamutan, napag-alamang ang idinarami ng bilang ng mga namamatay na sanggol ay ang ipinanganganak na kulang sa buwan. Nasa ulat ng malalaking ospital sa Estados Unidos na 5 hanggang 10% ng mga ipinanganganak na sanggol ang kulang sa buwan, samantalang sa Pilipinas, ang bilang ay 10 hanggang 15%. Lalong marami ang bilang na matitiyak natin, sa mga pook na ayaw sa ospital, sa mga walang pagamutan at mga dalubhasang doktor, at doon sa hindi nakikilala ang halaga ng pag-aalaga sa pagdadalantao pa lamang.

Sa mga huling ulat sa Maynila, mababasa na ang panganganak nang kulang sa buwan ay nasa ikatlo hanggang ikalima sa mga dahilan ng pagkamatay ng mga sanggol na wala pang isang taong gulang. Kaya't ito ay isa ngayong malaking suliranin ng Kalusugang Pambayan. Sa ibang bansa, ang panganganak ng kulang sa buwan ay kaagad iniuulat sa Kawanihan ng Kalusugan at ang ganitong panganganak ay itinuturing na emerhensiya. Ayon kay Dr. Leona Baumgartner ng Children's Bureau, Washington D.C. "ang panganganak ng kulang sa buwan ay isang malaking paghamon sa ating kakayahan upang iligtas ang buhay ng mga sanggol. Ang maraming libong mga sanggol na namamatay taun-taon ay maaaring maging malulusog at normal na mga bata."

### *ANO ANG SANGGOL NA KULANG SA BUWAN?*

Sa tuwirang pananalita, ang sanggol na ganito ay ipinanganganak bago pa man dumating ang takdang pagtatapos ng pagdadalantao. Ang sanggol na ganito ay maliit at magaan kaysa karaniwang sanggol. Ang karamihan sa mga doktor, lalo na ang mga bata, ay nagpapalagay na ang kagaanan ng sanggol ay siyang pinagbabatayan ng pagka-kulang nito sa panahon. Ang isang lupon ng mga Eksperto sa Panganganak ng Kulang sa Buwan ng World Health Organization ay naniniwalang ang timbang na 2,500 gramos (5½ libra) o kulang pa, at ang habang kulang sa 18 pulgada ay mga batayan upang malaman na ang sanggol ay hindi husto sa buwan. Sa Pilipinas, ang mga sanggol na may 5 libra pababa ay itinuturing na ganito. Ang mga ipinanganganak na kulang sa 2,500 gramos ay nangangailangan ng bihasa at tanging pag-aalaga.

### *MGA DAHILAN NG PANGANGANAK NANG KULANG SA BUWAN*

Maraming bata ang maliit na ipinanganganak dahil sa pagkakasakit ng ina (Tuberkolosis, sipilis, sakit sa puso o sakit sa bato), o dahil sa di karaniwang pagdadalantao, o dahil sa komplikasyon bago manganak. Ang masamang pagkain at kakulangan ng pag-aalaga habang nagdadalantao ang mga mahalagang dahilan ng panganganak nang kulang sa buwan. Ang mga bagong panganak ay maaari ring maging maliliit kung kambal, tatlo o mahigit pa. May iba pang mga dahilan nito na hindi pa natutuklasan hangga ngayon.

### *ANG PAG-AALAGA SA SANGGOL NA KULANG SA BUWAN*

Kung ano ang liit ng bata ay siyang hirap naman sa pag-aalaga rito. Ang maliit na sanggol, lalo na at nagkukulay bughaw ay nangangailangan ng oksiheno at mga ineksiyon. Ang mahihina at maliliit na ito ay may mahigpit na pagkakataong mabuhay kung nasa ospital. Ang mahahalagang bagay sa pag-aalaga sa kanila ay itong mga sumusunod:



1. Balutin o bigyan ng sapat na init.
2. Pakanin ng wasto at sapat
3. Iligtas sa ibang sakit

Hangga't maaari, ang mga sanggol na mababa sa 3 libra ang timbang ay kailangang paalagaan sa isang talagang bihasa sa pag-aalaga ng mga batang kulang sa buwan kahit na sila ay nasa ospital. Ang temperatura ng ganitong mga sanggol ay laging mababa sa normal. Mabuting painitan ang bata sa pamamagitan ng bolsa o mga bote ng mainit na tubig, makakapal na damit, balot na bulak, o sa "incubator". Dahil sa kainitan ng panahon dito sa atin, ang mga "incubator" ay hindi totoong kailangang-kailangan gaya sa bansang malalamig. Ang pagpapakain sa ganitong mga sanggol ay isang suliranin. Pagkaraan ng 12 hanggang 36 na oras pagkapanganak, ito ay pinakakain sa paunti-unti sapagka't madaling masira ang kanyang tiyan. Ang mahihina at napakaliliit na sanggol ay pinakakain sa pamamagitan ng tubong goma (gavage) na ipinapasok sa loob ng ilong o bibig hanggang tiyan. Kung malakas-lakas naman, ang pagkain ay ipinapatak sa bibig. Ang malalaki nang kaunti ay maaari nang pasusuhin sa bote. Ang gatas ng ina ang pinakamahusay para sa mga sanggol na ito, nguni't kung wala nito ang gatas ay kailangang nagtataglay ng maraming protena (protein) at kaunting taba lamang. Ang mga bitaminang S,A, at D ay ibinibigay kaagad.

Ang sanggol ay dapat ingatan sa pagkakahawa sapagka't ang kanyang panlaban ay napakahina. Kailangan siyang pag-isahin at sino mang may sipon at ibang sakit ay di dapat palapitin sa kanya. Lahat ng mga kagamitan, kasangkapan at damit, ay linising mabuti o pakuluan.

Sa ibang bayan, may pambansa silang palatuntunan tungkol sa pag-aalaga ng mga sanggol na kulang sa buwan, na ipinalalagay nilang napakamahalaga.

(Sundan sa pah. 19)

## Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

Maaari kayang ikaw ay nasa isang gipit at mapagsubok na sandali sa iyong buhay? Napapanahon na bang ipaliwanag mo ang nasasaiyong diwa, ang iyong mga kagitingan at lakas ng loob, at pagkaraan ay ipabayag mo ang "Pahayag ng Pagsasarili" laban sa mga lakas, mayroon o walang pagnanais na saktan o sakupin ka?

Kung ikaw ay inaalipin ng mga mapamuksang gawi o masasamang hilig, biktima ka ng mga mapangamkam at mararamot na tao, ay tanda ito ng pagkapalagay sa panganib ng iyong kalusugan, kaligayahan at tagumpay. Subali't ang pagbabalak at pangakong babaguhin ang masamang kalagayan ay isa lamang simula; dapat kang makibaka upang magtagumpay — isang pakikihamok laban sa takot, pagpapalagay sa sariling aba o "inferiority".

Magbubunga ng tagumpay ang iyong mga pagsisikap kung ikaw ay matalino at may sapat na gulang upang suungin ang pakikidigmaang ito. Huwag kang maghimagsik dahil lamang sa hinampo a galit sa mga taong di naging makatarungan sa iyo. Huwag mong harapin sa isang iglap at pakikilaban ang lahat ng iyong mga pagkakamali at pagkukulang. Ang gayon ay magsasadlak sa iyo sa isang mapait na pagkatalo.

Magbalangkas ka ng isang makatwirang patakaran para sa iyong sarili subali't pakahanda ka sa pagtanggap ng pansamantalang pagbabago at sumang-ayon na baguhin ang ilan sa — iyong mga balak. Unang-una, huwag mong pabayaang manghina ang matibay mong paniniwala sapagka't ito ang iyong pinakamabuting panlaban.

Nilalayon ng pagsusulit na nasa sumusunod na talata na ikaw ay matulungan sa paghanap ng ilang mga pangyayari sa buhay na kailangan mong kabakahin...

Itala ang lahat ng katanungang sinagot ng oo.

1. Pinamimihasa mo ba ang iyong sarili na magsinungaling (ukol sa maliliit na bagay lamang) at pagkatapos ay nagdudulot naman sa iyo ng hindi pagkapalagay at gumagambala sa iyong budhi at nagpapababa sa paggalang mo sa iyong sarili?
2. Umaasa ka ba sa maitutulong o maipapayo sa iyo ng iyong mga magulang, kaibigan at kasama sa lahat ng iyong mga suliranin?
3. Malabis ka bang nahuhumaling sa iyong mga gawi na naglalagay sa iyong kalusugan sa panganib... labis na paginom ng alak, labis na paghitit ng takabo?
4. Ikaw ba ay napapalulong sa sugal na siyang nagiging sanhi ng pagkakabaon mo sa utang at pagsasalat sa salapi sa tuwina?
5. Ang iyo bang pagkukulang ng tiwala sa iyong sarili ang nagiging sanhi ng paglampas ng magandang pagkakataon sa iyong buhay?
6. Maaaring nasasaktan ka sa iyong sarili subali't pumapayag ka bang hamakin, kutyain at pagsa-

(Sundann sa pah. 20)



Si RM habang nagtatalumpati sa Tiaong, Quezon bago maghalalan noong 1953. Bagaman bumuhos ang malakas na ulan ay maraming mamamayan ang nagtiis mabasa sa hangad makita at marinig si RM, gaya ng makikita sa larawan.

*Sa mga bakas ni Magsaysay*

# PAGKABUHAY NG NAYON



Ipinagbunyi ng mga kagawad ng "Women's Welfare Movement" (WWM) ang naging Pangulong Magsaysay nang dumalo sa unang pambansang kapulungan ng WWM sa Otis, Pako noong Disyembre 13, 1953. Bumigkas siya ng maikli nguni't madiwang talumpati.

ISANG mahalagang bahagi ng kasaysayan ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay ang pagdalaw niya sa San Mateo, Arayat, Pampangga ilang buwan bago maghalalan noong 1953. Siya ang kaunaunahang naging Pangulo ng Pilipinas na nakarating sa San Mateo. At nakita niya ang abang kalagayan ng pamumuhay roon.

Sa pagtatanong sa mga taga-San Mateo ay nabatid ni RM ang lalong nakapanlulumong katotohanan na napabayaan ng pamahalaan sa nakaraang mahabang panahon ang may 400 pamilya roon. Iyon ay nagpaalab sa kanyang hangaring mapaunlad ang kabuhayan ng mga dukhang bumubuo ng pitumpu't limang porsiyento (75%) ng populasyon ng bansa.

Ngayon, ang San Mateo'y hindi na ang dating nayong malayo sa pamahalaan at sa kabihasnan, pagka't marami nang pagbabagong naganap sa mahigit na tatlong taong pa-

*Sinulat ni CARLOS C. MARCELO*

nunungkulan ni RM — ang Kampeon ng Mahihirap.

Nguni't ano ang kalagayan ng pamumuhay sa San Mateo noon?

May dalawampung kilometro lamang buhat sa kapitolyo ng Pampangga, ang San Mateo, isa sa mga nayon sa libis ng Bundok Arayat, ay hindi nararating ng sasakyan. Walang ibang ipinag-aagdong-buhay ang may 400 pamilya roong nakatira sa 150 bahay-na-pawid o kugon kundi ang naaani sa bukid minsan sa isang taon.

Mataba ang lupa sa San Mateo, subali't hindi mapag-anihan nang sagana pagka't walang patubig. Walang sukat ibili ng mga tubo ang mga taga-roon upang mapadaloy sa kabukiran ang tubig sa ilog. Karamihan sa kanila'y namumuwisan lamang. Iilan ang may-ari ng sinasakang lupa.

Itinanong ni RM kung magkano ang taunang kita ng pangulo ng sambahayan. At nagtaka siya nang malamang mula sa ₱150 hanggang ₱300 lamang sa isang taon o wala pang ₱.85 isang araw.

Upang matugunan ang mga pangunang pangangailangan, napipilitang mangutang ang mga taga-nayon sa mga usurero na nagpapatubo ng sampung porsiyento isang buwan. Sa ganito, pagdating ng anihan ay halos walang natitira sa kanilang parte o kahati.

Dadalawa ang pansariling poso sa San Mateo. May tatlong kilometrong agwat, doon nakikisalok ng inumin ang karamihan sa mga taga-nayon. Nguni't ang iba'y nagtitiis umigib sa ilog.

Ipinagtapat ng mga taga-San Mateo kay RM na binabalak nilang magpatayo ng pangmadlang mga poso-artesyano sa pamamagitan ng kusang-loob na abuluyan. Batid ni RM na mahirap maisakatuparan iyon dahil sa kaliitan ng kanilang kinikita, kaya iminungkahing patulong sila sa pamahalaan.

Marahil, hanggang sa kamatayan ay hindi nalimot ni RM ang sagot ng isang matandang lalaki: "Napakatagal na ako rito (70 taon), at masasabi kong naghintay kami nang nagdaang mga panahon. Hindi alam ng pamahalaan na nabubuhay kami rito."

Sa paglilibot ay nakita ni RM ang bahay-paaralang ginawa ng mga taga-nayon para sa kanilang mga anak. Binili nila ng ₱2,500 nalikom sa ilang buwang abuluyan ang may kalahating ektaryang lupang pinagtayuan niyon.

Ang bahay-paaralan ay inilarawan ni RM nang magsalita siya sa himpilan ng radyong DZRH noong Agosto 18, 1953.

"Ang pinakamakabagong bubong ay tila kamaren ng manok, lupa ang pinakasahig. Kung tag-init ay nasasagap ng mga bata ang alikabok. Nguni't ito ang pinakamabuting nakayanan nila."

Ipinahayag din ni RM na ang bandilang Pilipino's noon lamang 1953 itinaas sa San Mateo, sa kauna-unahang pagkakataon. Kasama siya ng mga kawal na nagtaas sa bandila. At nasaksihan niya ang kasiyahan ng mga taga-nayon, lalo na ng mga bata.

Subali, higit na nagtaka at nahambal si RM nang malaman niyang walang manggagamot sa San Mateo, maging sa ibang nayon sa Arayat. Doon, "nabubuhay at namamatay ang mamamayan nang hindi man lamang nakikita kung ano ang ayos ng doktor."

Kaipala'y malungkot isiping namatay si Fausto Canlas ng San Mateo kahit may pag-asang mabuhay dahil sa di nakabili ng gamot na halagang ₱27.

Naglakad siya hanggang sa kabayanan ng Arayat at sumangguni sa isang manggagamot. Nguni't hindi niya kayang bilhin ang ipinayong gamot na halagang ₱27. Umuwi siyang bigo, at pagkaraan ng ilang araw ay namatay.

"Yumao siyang batid na sa halagang ₱27 ay maaari siyang mabuhay... Ito ang kasaysayan ng isang Pilipinong namatay sa sariling bayan pagka't walang ₱27," ani RM.

Kay RM, ang San Mateo'y isa lamang sa 18,385 nayon sa Kapuluan na hinangad niyang mapaunlad pagka't nanalig siyang "ang mataos na pagmamalasakit ng ating pamahalaan sa **karaniwang tao** ang makatwirang unang hakbang sa pagmumulat sa mga Pilipino sa tunay na diwa ng Demokrasya."

Ganitong simulain ang nagbunsod kay RM sa pagdalaw maging sa mapapanganib at liblib na purok upang magsuri sa kalagayan ng pamumuhay ng mga mamamayan.

Kasama ang noon ay Senador Carlos P. Garcia at Senador Lorenzo Tañada, si RM ay dumalaw sa mga purok sa Quezon na "kublihan" ng mga Huk noon. Nguni't hindi bago sa kanya ang mga purok na iyon. Noong kalihim pa siya ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ay pinangunahan niya ang mga kawal doon sa kilusan laban sa mga mapanligalig.

Halos maghapon at magdamag na naglibot sina RM sa mga nayon sa Gumaka, Atimonan, Kalawang at Lopez; subali't walang naganap na kaguluhan. Manapa, ipinagbunyi si RM ng libu-libong mamamayan.

Ipinagbunyi rin ng mga mamamayan ang "Kampeon ng Mahihirap" nang magtungo sa Marbol, Koronadal, Kotabato noong Hulyo, 1953.

"Ipinangangako kong tutulungan ko kayo pag tinangkang agawin ng mga mapagsamantala ang inyong pinaghirapang lupa sa pamamagitan ng mga titulong natamo sa masasamang paraan sa tulong ng mga pulitiko," sabi ni RM.

At gaya ng kanyang pangako, nang mahalal na Pangulo ng Republika ay ibinunsod ng "Idolo ng Bayan" ang palatuntunan ng pagpapaunlad sa mga nayon. Matagumpay na naitaguyod ito ng nakaraang Pangasiwaan sa pagtutulungan ng mga samahan sa kawanggawa, tulad ng Pangasiwaan ng Kagalingang-Bayan, Krus na Pula at ng ibang ahensiya ng pamahalaan.

Pagkaraan ng mahigit na dalawang taong panunungkulan bilang Pangulo ay sinariwa ni RM sa talumpating binigkas sa magkasanib na pulong ng Kongreso noong Enero 23, 1956 ang isa sa pinakamasidhing mga lunggati niya:

"Itinalaga natin ang ating mga sarili, una sa lahat, sa gawaing pagpapaunlad sa mga nayon... Na sa mga nayon ang malaking bahagi ng ating sambayanan, ang tunay na kayamanan ng bansa natin... Naniniwala akong ang ating nagawa sa mga nayon ay bumubuo sa pinakamatibay na tagumpay ng Pangasiwaang ito."


Wala Na Ang Aking Di'Pagkatunaw!



Ako'y laging umiinom ng
PHILLIPS'
MILK OF MAGNESIA
Dahil sa nagdudulot ng **ganap** na ginhawa kaysa laksanteng iisa ang hangarin. Pangangasim ng sikmura at di matunawan ay magkasabay kung umiral. Kaya, ang laksanteng ukol lamang sa di natutunawan ay kakalahati ang bisa. Samantala, ang Phillips Milk of Magnesia ay nagdudulot ng ganap na ginhawa **kapwa** sa di natutunawan at pangangasim ng sikmura. Laging maglaan ng Phillips Milk of Magnesia... na ganap ang bisa't nagpapaginhawa.

BANAYAD SA MGA BATA
GANAP ANG BISA SA MGA MATANDA!



PHILLIPS'
MILK OF MAGNESIA
Ea. fl. contains 34 to 40 gr. Magnesium Hydroxide 12-4

BOSCH Spark Plugs
For decades approved by millions
PETER TRADING CO., LTD.
Authorized Sales & Service Agents for ROBERT BOSCH GmbH GERMANY
745 ANDA, INTRAMUROS • MANILA • TEL. 3-61-87
BOSCH SERVICE

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# "Hindi Ko Ipagpapalit Sa Kastila Ang Wika Ni Balagtas," Anang Guro



SI GINANG M. K. WIKA ay isang guro. Ang kanyang itinuturo: ang wika ni Balagtas (Tagalog); ang kanyang bayan: ang lalawigan ni Balagtas; ang kanyang mga tinuturuan: mga "kabig" ni Balagtas.

Kaya't nang marinig ni Gng. M. K. Wika ang panukalang-batas ng Kongreso na daragdagan ang mga asignatura sa Wikang Kastila, napailing siya. At napagbalingan niya ang inyong lingkod...

**T.** **Hindi pa po naman napagtitibay ang *bill* na magdaragdag sa mga asignatura sa wikang kastila, e, bakit po kayo nagngingitngit?**

S. *Ang pagngingitngit ko'y ukol lamang sa hakbang ng kongreso.*

**T.** Ang ibig po ninyong sabihi'y iba pa ang inyong reaksiyon sa sandaling mapagtibay na ito?

S. *Talaga. Pag napagtibay iyan ay magrereretiro na ako.*

**T.** Bakit po?

S. *Kung sabagay ay ayaw kong mawalan ng hanapbuhay. Nguni't ayokong makitang nalalamangan ang "wika ni Balagtas".*

**T.** Sa anong paraan po ito malalamangan?

S. *Tingnan mo na lamang. Sa lahat ng mga paaralan — buhat sa mababang paaralan hanggang sa kolehiyo, mapalad nang magkaroon ng higit sa isang asignaturang Tagalog.*

**T.** Hindi po kaya dahil sa higit na naiintindihan ng mga nag-aaral ang wikang ingles?

S. *Iyan ang isang malungkot na parte. Kaya naman nawiwili ang mga mapagbunsod na idagdag pati ang wikang kastila.*

**T.** Dati na pong itinuturo ang kastila, a, hindi po ba?

S. *Dahil nga sa nagawa na nilang ipasok iyan. At ngayon ay balak pang dagdagan ang mga asignatura.*

**T.** Ano po ang masama riyan?

S. *Itatanong mo pa. Hindi mo ba nakikitang sa ingles lamang ay marami na tayong nawawalang talasalitaan?*

**T.** Ano po'ng talasalitaan?

S. *Nakita mo na, di simpleng-simpleng Tagalog e hindi mo alam! Ang talasalitaan ay... kuwan,* **bokabularyo.**

**T.** Ah...?

S. *Kailangan palang gumamit ako ng ibang salita para maliwanagan mo. Kaya hindi yumaman ang wika natin, e!*

**T.** Ano pa po ang kasamaang nagagawa ng wikang kastila?

S. *Ang mangisa-ngisang asignaturang kastilang nadagdag sa ingles ay nakapagpapagulo na sa mag-aaral, paano pa kung daragdagan ang mga asignaturang iyan? Di para na silang hinalong kalamay.*

**T.** Bakit po magkakagayon?

S. *Tingnan mo: Lalabas sa klase sa ingles ang isang magaaral at pupunta sa aking klase. Pagkausap sa akin ay hindi ko na maintindihan. Magsasalita nang bahagya ng tagalog at pagkatapos ay dadalihan ng wersss wersss. Ibig ipadalam na marunong siya ng ingles, subali't hindi naman makapagsalita nang tuwid.*

**T.** Kung ganoon po'y pinaghahalo ang tagalog at ingles?

S. *Oo. At sa paghahalo nilang iyan ay masama ang kinalalabasan: "ingles-kalabaw" o "tagalog-perdido."*

**T.** Ano naman po ang kalalabasan pag hinaluan pa ng kastila?

S. *Kung sabagay ay mayroon at marami na tayong wikang kastila sa ating talasalitaan. Ang iba ay hinango na nating parang tagalog na rin. Kapag naragdagan pa ang mga salitang iyan, bale kastila na ang wika natin at halo lamang ang Tagalog.*

**T.** Hindi po kaya matutuwa si Balagtas pag nakitang ang wikang minahal niya ay nahaluan at sa gayon ay napaunlad?

S. *Hinding-hindi. Sapagka't sa bawa't salitang kastila madagdag ay isang salita naman ang mamamatay sa wikang tagalog.*

**T.** Maiba po tayo ng usapan. Ano po ang masasabi ninyo sa mga kongresistang nagmumukalang palawakin ang ating kaalaman sa pagsasalita ng wikang kastila?

S *Hindi pa nila nasusuri ang wikang Tagalog.*

**T.** Bakit po ninyo nasabi iyan?

S. *Sapagka't kung sinuri muna nila ang kalagayan ng ating wika at ang katayuan ng mga mag-aaral, makikita nilang maraming-maraming suliranin ang ating wika na dapat munang harapin.*

**T.** At ang tungkol po naman sa katayuan ng mga mag-aaral?

S. *Hindi nila nasuring ang mga mag-aaral ay kumukuha ng asignatura para lamang makapagtapos sa kanilang pinapasukan.*

**T.** Paano po kung tuluyan ngang mapagtibay ang kapasyahan?

S. *Hindi ko na alam kung ano ang mangyayari sa ating wika. Marahil, pag pinairal nang pinairal ang ibang wika, makikita na lamang natin ang ating sariling naghahagilap ng mga salita upang masabi ang ibig nating ipahayag. Magkakalituhan na tayo.*

**T.** Bakit po?

S. *Nagtanong ka na naman nang ganyan. Hindi mo ba alam na ang mga wika lamang natin sa buong Pilipinas ay umaabot na sa 87? Nguni't papayag ako kahit na kastila ang gawin nating wikang pambansa, sa kondisyong pati sina Kamlon at ang mga Ita ay tatalikod na sa kanilang wika upang makaunasan ang ating pagkakawatak-watak ukol sa wika. Mabuti na marahil ang ganyang kaysa halu-halong kalamay.*

**T.** Ano po ang balak ninyong gawin ngayon?

(Sundan sa pah. 70)

# ANG PATAKSIL NA PAGPATAY KAY HEN. ANTONIO LUNA

*Sinulat ni ARTURO MA. MISA*

**Ang Ika-5 Ng Hunyo Ay Madilim Na Araw Sa Kasaysayan Ng Ating Bayan Pagka't Natigmak Sa Dugo Ng Isang Bayaning Pinatay Ng Mga Taksil**



*Si Hen. ANTONIO LUNA*

SA IKA-5 ng buwang ito, ay nararapat nating gunitain ang araw ng kamatayan ni Heneral Antonio Luna, tulad ng ginagawa nating paggunita at pagpaparangal sa araw ng kamatayan ng ibang bayani ng ating lahi. Si Heneral Luna, katulad ni Rizal, ay nagtataglay din naman ng matatayog na katangian at katalinuhan. Siya ay nakilala natin bilang isang tanyag na manunulat, bantog na siyentipiko at magiting na kawal.

Bilang isang kawal ay taglay ni Heneral Luna ang pananalig sa kanyang sarili. Ang kanyang mga napag-aralan tungkol sa taktika militar sa Belhika at Espanya ay siyang naging puhunan niya upang ang mahihigpit na labanan sa sariling bayan ay buong talinong maipagtagumpay niya. Bunga ng mga pananagumpay na yaon ay marami ang nagtanim sa kanya ng poot at inggit, na siyang naging sanhi ng kanyang malungkot na kamatayan.

Ang kamatayan ni Heneral Antonio Luna ay lubhang mahiwaga. Hanggang sa mga panahong ito ay walang isa man sa atin na tiyakang makapagsasabi o makapagtuturo kung sino ang tunay na utak na siyang dapat managot sa pagkamatay na ito ng isa sa maipagkakapuring heneral ng ating bayan nang mga panahong yaon.

Ngayon, sa loob ng ilang panahong ginugol namin sa pananaliksik, ay ilalahad namin sa bayan ang kasaysayan o mga pangyayari tungkol sa pagkasawi ni Heneral Luna at ng kanyang ayudanteng si Koronel Paco Roman — hindi sa kamay ng kanilang mga kaaway, kundi sa kamay na rin ng kanilang mga kabalat. Sa pamamagitan ng lathalang ito ay bayan ang bahalang magpasiya kung sino ang dapat managot sa buhay ng dalawang dakilang Pilipinong ito, na matapos gumawa ng lahat ng makakaya sa ikalalaya ng ating bayan ay ginantihan pa ng isang katampalasanang walang pangalawa sa kalupitan.

Ang pataksil na pagpatay kay Heneral Antonio Luna ay naganap nang katanghilang tapat noong ika-5 ng Hunyo, 1899 sa bayan ng Kabanatuan, Nuweba Esiha. Nang araw na yaon ay dumating sina Heneral Luna, na kasama ang kanyang ayudante, mula sa Pangasinan.

Dapat mabatid ng bayan, na si Heneral Antonio Luna ay siyang itinalaga ni Presidente Emilio Aguinaldo bilang puno ng hukbo sa Timog, upang siyang humadlang sa mabilis na paglusob ng mga kaaway sa panig na iyon ng Luson.

Isang araw, bago naganap ang kakilakilabot na krimen, si Heneral Luna ay tumanggap ng isang pahatid-kawad mula kay Presidente Aguinaldo na noon ay nasa Kabanatuan. Ayon sa pahatid-kawad ay pinahihintulutan ng Presidente si Heneral Luna na makapagtatag ng bagong gabinete, nguni't bago isagawa yaon ay kailangang magkausap muna sila sa isang komperensiyang gaganapin sa kombento ng Kabanatuan, na nang mga panahong yaon ay siyang himpilang pangkalahatan ni Aguinaldo.

Matapos mabasa ang nilalaman ng pahatid-kawad, si Heneral Luna ay hindi nagpabaya at noon din ay naghanda sa gagawing paglalakbay. Sa pagkakataong yaon ay hindi kinalimutang ipagsama ni Luna ang kanyang matapat na **ayudante de campo.**

Nang sila'y dumating sa Bayambang, Pangasinan ay nakatagpo nila roon si Tenyente Juan Paz, na siyang namumuno sa isang pangkat na kabayuhan sa ilalim ni Heneral Luna. Ang pangkat ni Tenyente Juan Paz na binubuo ng labing-anim katao ay kusang-loob na sumama kay Heneral Luna patungo sa Kabanatuan bilang mga tagasubaybay sa ano mang mangyayari sa daan.

Mag-ika-4:00 ng madaling-araw ng ika-5 ng buwan ding yaon nang ang buong pangkat ay tumulak mula sa Bayambang. Taglay nila ang kani-kanilang mga kabayo at siya. Ang mga ito ay sumakay sa isang tanging tren na maghahatid sa kanila sa Victoria, Tarlak. Mula sa Victoria ay nagtuloy ang magkakasama sa Likab na sakay ng kani-kanilang mga kabayo. Sa bayang ito sila nag-almulsal na ang tanging pinag-agahan ay tigiisang tasang kape lamang. Pagkatapos ay saka muli silang nagpatuloy sa kanilang paglalakbay patungo sa Aliaga. Dito ay nakituloy sila sa bahay ng ama ni Isauro Gabaldon. Malugod silang pinatuloy ng matandang lalaki. Bukod sa magandang pagtanggap sa kanila ay ipinaghanda pa sila ng isang masarap na pananghalian.

Nang makapananghali, ang pangkat ay masayang nagpaalam sa mga taong nagmagandang loob sa kanila. Pinagbilinan ni Luna si Tinyente Paz at ang mga kasama nito na maiwan na roon.


—Huwag kang mag-alaala at kami ay babalik agad sa sandaling matapos ang aming komperensiya ng President, —nasabi ni Heneral Luna sa kanyang matapang na Tenyente.

Si Tenyente Paz ay hindi naman tumutol. Malugod itong nakipagkamay sa kanyang heneral. Sa pagkakamay na iyon ay hindi man lamang inaakala ni Tenyente Paz na yaon na ang kanilang huling pagkikita ni Heneral Luna. Marahil,

*(Sundan sa pah. 16)*



Kaliwa: Ang monumento ni Kor. Paco Roman sa Kabanatuan, N.E., na ipinagawa sa sariling gugol ni G. Moises Ventanilla.



Ibaba: Ang simbahan sa Kabanatuan. Makikita sa bintana ng kampanaryo ang kampanerong si Diosdado Liwanag. Tinutugtog ni Diosdado ang ika-2 ng tanghali nang marinig ang putok sa silong ng kumbento, at nang siya'y dumungaw ay nakita niya ang pagsalakay ng mga kawal kay Hen. Luna.

# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

**Dahil Sa Nagaganap Na Mga Pangyayari, Nakadarama Na Rin Si Rafael Ng Pagkagalit Kay Tinoy . . .**



(Ika-4 na Labas)

NATILIHANG mainam si Rafael at hindi niya mawastuan kung ano ang kanyang iisipin. May pagtutol siyang nadama sa loob ng kanyang dibdib.

—Bakit tila ka natitigilan, Rafael? —untag ni Maria Luisa.

—Hindi naman ako natitigilan, —naisagot ni Rafael. —Nakalulungkot lamang sa akin ang balita mong patutungo ka sa Sebu. Mapapalayo ka sa akin.

—Tatlong araw lang naman ako roon, e.

—Maluwat din ang tatlong araw.

—Pabayaan mo na. Pagtulong naman sa mga pininsala ng sunog itong lakad ko. Maipagpapakasakit mo naman ang ilang araw na pagkakalayo natin alang-alang sa mga kawawa.

—Mangyari pa. Talos kong mahalaga ang tungkuling tinutupad mo. Nasisiyahan akong isipin na dahil sa mga katulad mo ay nakatatanggap ng kaaliwan ang mga taong sinipbayo ng malupit na kapalaran.

—Iyan ang ibig ko, nauunawaan mo ako. —nasisiyahang sagot ni Maria Luisa. —E, paano... hindi ako makapagluluwat sa ating pag-uusap na ito.

—Maligayang paglalakbay. —sabi ni Rafael. —Telegramahan mo ako kung uuwi na kayo.

—Oo, e, siya... at hintay pala... —pahabol na wika ni Maria Luisa. —Huwag mong patagalin ang batang iyon sa piling mo. Disapatsahin mo agad siya...

—Oo, —ayon ni Rafael, nguni't hindi niya nararamdaman ang pag-ayon ng kanyang puso.

—Hindi ako makaalis na di ibinibilin iyan pagka't baka ka makalingat. —wika pa ni Maria Luisa mula sa kabilang dulo ng kawad, —talos kong matatalino ang ganyang mga bata... marurunong magkunwang mababait, sasadyaing mapabuhos ang kalooban mo sa kanila upang pagkatiwalaan mo... at kung nagtitiwala ka na'y saka naman biglang mawawala iyan na taglay ang ano mang bagay na mahalaga mula sa bahay. Mag-ingat ka sana... mag-ingat ka, Dear!

—Oo.

—At para huwag nang mangyari iyan, ang mabuti ay paalisin mo na siya.

—Oo, Dear... paaalisin ko!

—E, siya... hanggang sa aking pagbabalik.

—Hanggang sa ating pagkikitang muli.

Nang marinig ni Rafael ang klik sa kabilang dulo ng kawad ay ibinaba na rin niya ang kanyang telepono. Nagugulumihanan siya.

Pumihit si Rafael at hinanap ng kanyang paningin si Tinoy. Bukas ang pinto ng

*(Sundan sa pah. 28)*

# DALAWANG TALAMBUHAY

*Sinulat ni CRESENCIO GER. CLEMENTE*

**(Ikalawang Labas)**

SAGLIT na natigilan si Pabling nang hawak na niya ang latang may hilaw na mais na inirasyon ng mga Hapon. Nguni't hindi ang pagkagutom sa pagkain na unti-unti niyang nararamdaman ang gumugulo sa kanyang isip, kundi ang pagkahayok sa kalayaang nasimulan nang ipagkait sa kanila ng mga kawal ni Hirohito.

Pinagala niya ang kanyang paningin sa kinaroroonan ng kanyang mga kasama. At napailing siya sa kanyang nasaksihan. May kani-kaniya nang pook na pinaglulutuan ng mais ang mga iyon, na kung wariin niya'y walang sinisikap kundi ang makaluto upang makakain pagkatapos. Ang nais lamang ng mga iyo'y ang mabusog. Ang hangad niya'y ang makalaya.

Lihim siyang nahabag sa kanyang mga kasama. Wala man lamang nagtatangka sa mga iyon upang makalaya. Kaya kailangang makaisip siya ng paraan upang siya man lamang ay makatakas, nang may pamarisan ang kanyang mga kababayan.

Sumagi tuloy sa kanyang isip ang rebolusyon sa Pransiya na natunghayan niya sa isang aklat na ginamit ng isa niyang pinsan sa mataas na paaralan, na nabasa na niya bagama't elementarya pa lamang ang kanyang natapos. Maliit ang pag-aalsang iyon na naganap sa Pransiya kung inihahambing niya sa digmaang nagaganap sa kanyang bayan sa kasalukuyan. Subali't dahil sa pagwawagi ng mga rebolusyonaryong Pranses ay namulat ang kaisipan ng iba pang bansang inaalipin ng mga mapaghari-harian. Nakintal sa kanilang isip ang katotohanang ang isa palang bansang inaalipin ay maaaring lumaban at magwagi sa kapangyarihang umaalipin sa kanila.

At ang tulad ng gayong diwa ang ibig niyang maipunla sa isip ng kanyang mga kasama. Na, maaari palang magtangkang tumakas ang isang Pilipinong tinatanuran ng mga kawal na Hapon, at sa pagtatangkang iyon ay maaari pa ring magtagumpay.

Kaya kailangan niya ang mabilis na pagpapasiya, nguni't pagpapasiyang hindi nangangailangan ng kahit bahid man lamang ng pagkakamali. Kailangan niya ang sapilitang pakikipagsugal nang mga sandaling iyon. Mga Hapon ang kanyang katalo. Buhay at kalayaan nilang magkakasama ang nakataya.

Sa pag-iisip ng paraan ay napagtuunan niya ng pansin ang hawak niyang latang may lamang mais, hilaw na mais. Kaugnay noon ay sumurot din sa kanyang isip ang kanyang kabayong nakasingkaw pa rin sa kanyang karitela.

At pagkaraan pa ng ilang sandali ay namumulot na siya ng mga tuyong kahoy na panggatong. Dinampot niya sa kanyang pinaglapagan ang kanyang rasyon nang marami-rami na ang kahoy na kanyang kipkip, at habang palayu nang palayo sa karamihan ay patuloy pa rin siya sa pamumulot ng mga tuyong sanga. Sa pamamagitan noon ay parang ibig niyang sabihin sa mga tanod na Hapon: **Wala kayong dapat alalahanin sa akin, mga dorobo. Magluluto lamang ako ng mais sa dako roon.**

Pagkaraan ng ilang sandaling malingat ang mga tanod na Hapon ay nawala na lamang na parang bula pati ang anino ni Pabling. Ang mga panggatong na lamang at ang latang may mais ang naiwang tagapagbalita sa isang mapanganib na pagtakas. At kung sinuri lamang ng mga tanod na Hapon ang dinaanan ng dalawang gulong at ang mga bakas ng nangagkumamot na mga paa ng kabayong siyang nagsumagsag sa paghila sa karitela ay nangakabilang sana sila sa nangakaunawa sa talagang ibig sabihin ng **takbong walang puknat na con todo** kumpas kung ibida ni Pabling.

At hindi nga nabigo si Pabling sa kanyang pag-asa. Maraming kasamahan niya ang nangahikayat na magsisunod sa mga bakas ng yapak ng kanyang kabayo.


Buhat noon, kahit labing-apat na taong gulang pa lamang, si Pabling, na laging may nakalaang payo sa kanyang mga kakilala ay pinakitunguhan maging ng matatanda, hindi bilang ang binatilyong si Pabling, kundi bilang si Pabling. At para sa kanya'y walang napakaliit na suliraning hindi karapat-dapat pag-ukulan ng maliming pagkukuro. Minsan tuloy ay naibulalas ng kanyang ama nang marinig nito na isasama si Pabling ng isang kutserong may kabayong bibilhin: "Pati ba naman sa pagsinyal ng kabayo!"

Kung may maituturing na naging mapaglaro kay Pabling, iyon ay ang pagiging **valedictorian.**


Sa elementarya, maraming naging guro niya at naging kamag-aaral ang nangagsabing siya sana ang dapat maging **valedictorian.** Sa mataas na paaralan... Ganito naman ang nangyari sa mataas na paaralan:

Pawang matataas ang antas na kanyang nakuha sa una hanggang sa ikatlong taon sa Nueva Ecija High School na nasa Kabanatuan. Subali't sa di-maiwasang kadahilanan ay ipinasiya ng kanyang mga magulang na sa Cabiao High School na niya ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral. Kung ang matataas na antas lamang ang pinagbabatayan upang angkinin ng isang nag-aaral ang pinakadakilang karangalang maaaring tamuhin sa pagtatapos, sana'y Pablo Bautista y Nuñez ang naging pangalan ng naging **valedictorian** ng taong iyon sa Cabiao High School. Subali't isa sa mga pinagbabatayan sa pag-

(*Sundan sa pah. 20*)



**Sa gulang na dalawampung taon, si Pablo N. Bautista ay patnugot na ng dahong Tagalog ng Varsitarian, ang pahayagang ng Unibersidad ng Sto. Tomas.**



**Isa si Pabling (nakaupo, pangatlo buhat sa kaliwa) sa mga mamamahayag na Pilipinong inanyayahan ng pamahalaan ng Nasyonalistang Tsina para sa Misyong Pangkalinangan.**




**Apat na taong magkasintahan sina Pabling at Chit, ang palayaw ng una kay Bb. Nicasio, nang magtapos ang huli sa titulong B.S.E. sa** Far Eastern University.

# Mag-MADYIK Tayo

ni BA ARYO

## "ANG BARAHANG MISERABLE"

SA PAMAMAGITAN ng isang lihim na kapangyarihan, maaari kayong makapagturo ng isang "barahang miserable" at ito'y ang barahang tatandaan ng isa ninyong kaharap. Maghanay kayo ng labing-anim na baraha — tig-aapat na baraha bawa't isang hanay (A). Sabihin ninyo sa inyong kaharap na siya'y magtanda ng isang baraha, ituro ang kinabibilangang hanay (kung I, II, III, o IV) at sa pamamagitan ng lihim ninyong kapangyarihan ay magagawa ninyo iyong "miserable", kaya madali ninyong maituturo. Pagsama-samahin ang mga baraha sa pamamaraang babanggitin sa ibaba. Muling ibanay nang pataob ang mga baraha, itihaya at itanong ninyo ang bagong pahalang na hanay na kinabibilangan ng barahang tinandaan niya. Pagkasabing-pagkasabi niya ng bagong hanay ay maituturo na ninyo ang "barahang miserable".




(A) Ang unang paghahanay ay ipinakikitang gaya ng nasa dulong itaas. Mapapansing ang mga hanay na pahalang ay nabibilangang I, II, III at IV.

Halimbawang ang barahang (10) ang tinandaan ng inyong "pinagmamadyikan". Sasabihin niyang ito'y nasa ikatlong hanay.

(B) Pagsama-samahin ang mga baraha. Sa pagdampot ay unang kunin ang huling baraha (3) puso pataas. Ito'y ipatong sa sumusunod na baraha (Q) hanggang sa makuhang lahat ang huling kolumna. Ipatong naman ang natipong hanay sa huling baraha ng ikatlong kolumna, pataas. Gawin din ito sa dalawang nauunang kolumna. Sa pagdampot ay sundin ang pamamaraan sa (B).

(K) Isa-isang ihanay ang mga baraha nang nakataob. Simulang ibaba ang barahang nasa ibabaw, buhat sa kaliwa, pakanan. Kapag may apat nang baraha ang unang hanay na pahalang, isunod naman ang ikalawang hanay, hanggang sa makabuong muli ng apat na hanay, na may tig-aapat na baraha. Itihaya ang mga baraha. Mapupunang ang dating hanay na pahalang ay naging hanay na pababa. Sa ganito, ang dating ikatlong hanay na pahalang ng (10) ay naging ikatlong kolumna.

Kapag itinanong ninyo sa inyong kaharap ang bagong hanay na pahalang, ituturo niya ang ikalawang hanay. Sa pagkakataong ito'y mapipili na ninyo ang "barahang miserable": ang barahang pinagtagpuan ng ikatlong kalumna at ikalawang hanay na pahalang.

Narito pa ang sikreto: Kapag tinanong ninyo ang inyong "pinagmamadyikan" ng bilang ng hanay, laging ang bilang ng pahalang na hanay ang kanyang isasagot. Sa isip naman ninyo, ang unang bilang na ibibigay niya ay ituring ninyong hanay na pababa o kolumna at ang ikalawang bilang ng hanay ang siya lamang ninyong ituturing na pahalang. Kung saan nagkatagpo ang bilang ng kolumna at bilang ng hanay na pahalang ay siyang "barahang miserable". (Sa halimbawang barahang (10), ang sasabing hanay ng kaharap ninyo'y ikatlo sa (A) at ikalawa, sa (K) — na kapwa pahalang. Ang pagbilang naman ninyo'y ikatlong kolumna (pababa sa (K) at ikalawang hanay na pahalang sa (K) din. Kapag sinundan ninyo ang pinagtagpuan nito ay makukuha ninyo ang barahang may bilang na (10).

Ang "madyik" na ito'y magagagawa rin sa limahang hanay na may tiglilimang baraha, o alimang hanay na may tig-aanim na baraha.

## Ang Pataksil ...

(Buhat sa pah. 13)

kung nababatid lamang niya ay hindi ito papayag na paiwan at kaipala'y magpapakamatay na rin sa piling ng kanyang iginagalang na puno.

Ang tanging ipinagsama ni Heneral Luna patungo sa Kabanatuan ay sina Koronel Paco Roman, Koronel Simeon A. Villa ng Sanidad, Komandante Jose Bernal ng "Cuerpo de Tiradores" at Kapitan Francisco Licuanan ng Impanterya.

Ang pangkat ay lulan ng dalawang karomata. Sa unang karomata ay nakalulan sina Heneral Antonio Luna at Koronel Paco Roman at sa ikalawa naman ay nakalulan sina Koronel Simeon A. Villa, Komandante Jose Bernal at Kapitan Francisco Licuanan.

Nang sila'y tumatawid na sa tulay na kahoy sa pagitan ng Aduas at Kabanatuan, ang isang paa ng kabayong humihila sa karomata ng ikalawang pangkat ay nasilat sa siwang ng tulay na kahoy. Dahil dito ay naiwan ang ikalawang pangkat at sina Luna ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay.

Nakapapaso ang init ng araw nang dumating sina Heneral Luna sa kabayanan ng Kabanatuan. Lingid sa kaalaman ni Heneral Luna at Koronel Paco Roman, ang bayan ng Kabanatuan ay nakakalatan ng mga kawal ni Presidente Emilio Aguinaldo, sa ilalim ng pamumuno nina Kapitan Graciano Garcia at Kapitan Pading, isang pinuno na may lahing kastila. Lahat ng mga kawal ay maingat na nakakubli sa kani-kanilang mga puwesto. Ang nakalantad lamang ay ang mga bantay sa kombento o presidensiya sa ilalim ng pamumuno ni Kapitan Pading.

Umibis sa karomata si Heneral Luna, matapos mapagsabihan si Koronel Paco Roman na maghintay na lamang doon. Ang heneral ay mabilis na lumakad at matiwalang nagtungo sa kombento, nguni't nang mapatapat sa pintuan ay bigla na lamang napamangha nang makita niya roon si Kapitan Pading, ang pinunong inalis niya sa tungkulin dahil sa ipinamalas na karuwagan sa isa sa mga labanan sa Kalookan.

—Hindi ba't inalis kita sa tungkulin? —naitanong ni Heneral Antonio Luna kay Kapitan Pading.

—Opo, —maikling naitugon ng Kapitan.

—Kung gayon ay sino ang nagbalik sa iyo sa katungkulan? —muling naitanong ni Heneral Luna.

—Si Presidente Emilio Aguinaldo po!

Matapos ang ilan pang katanungan ay nagmamadaling pumanhik sa itaas si Heneral Luna. Wala siyang naabutan doon maliban sa dalawang bantay, si G. Flaviano Buencamino at ilang kagawad ng gabinete ni Presidente Aguinaldo. Nang hindi makita ni Heneral Luna ang Presidente ay itinanong sa bantay sa pinto kung saan naroroon ang kanyang pakay.

Ang bantay ay magalang na sumagot at sinabing si Presidente Aguinaldo ay kaaalis pa lamang nang umagang yaon patungo sa San Isidro, na nang mga panahong yaon ay siyang kinalalagyan ng ating pamahalaan. Hindi pa natatapos magsalita ang bantay ay nakarinig sila ng isang putok mula sa labas ng kombento.

—Ano ang ibig sabihin ng putok na yaon? —naitanong ng heneral.

—Ewan ko po, —maikling naisagot ng bantay.

Nagmamadaling nanaog si Heneral Antonio Luna upang alamin kung ano ang nangyayari sa labas ng kombento. Nguni't nang nasa huling baitang na siya ng hagdanan ay isang malakas na taga sa ulo ang ibinigay sa kanya ng isang kawal na nagtatago sa ilalim ng hagdan. Pagkatapos ay pinagsabayang dinaluhong na siya ng mga magkakasabwa't at walang habas na inulos ng taga ang heneral.

Walang nagawa si Heneral Luna sa gayong kakilakilabot na kataksilan! Napatakbong palabas na lamang siya sa lansangan, na sapo ng mga kamay ang noong dinadaluyan ng masaganang dugo at dibdib na tadtad din ng sugat.

—Mga traidor!... Mga traidor!... —ang naisigaw ni Heneral Luna sa mga taksil na pumaslang sa kanya.

Subali't ang paos na niyang tinig ay nalunod lamang sa kalawakan. Nang makita siyang pasuray-suray na nalugmok sa lupa na tutop pa rin ang noo at pilit na binubunot ang rebolber upang maipagtanggol ang sarili, ay pinaulanan siya ng mga punlong nagsipaglagos sa kanyang katawan. Tuluyan nang nahandusay ang dakilang heneral ng ating himagsikan.

Nang makita ni Koronel Paco Roman ang kakilakilabot na pangyayari ay dagling lumundag mula sa karomatang kinalululanan upang saklolohan ang kanyang heneral, nguni't nang makita ng mga taksil ay pinaulanan din ito ng punlo. Si Koronel Paco Roman ay pasuray-suray na napatakbo sa silong ng bahay ni Kapitan Benigno Solis, nguni't doon ay inutas siya ng mga saksak at ulos ng isang kawal na nagkukubli sa isang malaking haligi at talagang siya ang inaabatan.

Nang mga sandaling yaon ay naganap ang isang kataksilang walang pangalan at sumusuko

(Sundan sa pah. 19)

**Ito Ang Istorya...**

ni YOYONG FLORENCIO



# ANG PAG-IBIG NI SALIWAY

ANIM NA gabi na kaming natutulog sa munting baryong iyon ng tribong Kulanggot sa Kalabyang, sa Bundok Bituin nang ipagtapat sa akin ni Berting ang tungkol kay Saliway. Si Saliway ay anak ng pinakahari ng tribo at siyang kung baga sa isang maharlikang kaharian ay prinsesa ng mga Kulanggot.

—Hindi ko malaman kung bakit pumalo ako sa isang babaing Kulanggot, —pormal na sabi pa ni Berting nang matawa ako sa ipinagtapat niya tungkol kay Saliway.

—Nakita ko na ba ang Saliway na iyon? —tanong ko kay Berting.

Sumaya ang mukha ni Berting. —Papunta ako sa kanilang kubo ngayon. Gusto mo bang sumama? —aniya. —Ipakikilala kita. Mabait siya. At talagang maganda.

—Ang itinatanong ko sa iyo'y kung nakita ko na siya.

—Hindi mo siya maaaring makita, e. Kung ganitong kabilugan lamang ang buwan siya pinapayagang makalabas sa kanyang sariling kubo. Tuwing ganitong kabilugan ang buwan ay naliligo raw siya umano sa batis sa libis.

—Ibig mong sabihin, minsan sa isang buwan kung makita siya at nilapitan siya. Pinaligiran raw siya. Kasalukuyan daw nangakapaligid sa kanya ang mga reyna ng mga Kulanggot nang marinig niya ang tili ng isang babae. Lumitaw na nalulunod ang babaing iyon. Madaling nakasaklolo si Berting, ayon sa kanya at ang nasagip nga niya'y si Saliway.

Gayon na lamang daw ang katuwaan ni Haring Balugot nang malaman ang lahat. Bibigyan daw sana si Berting ng parangal ng kaharian ng gabing iyon nguni't tumanggi siya. Alam na alam na raw niya ang gagawin ng mga Kulanggot. Magsisiga sa harapan niya at magsisisayaw daw ng **rock n' roll** habang ipinagkukumpasan sa kanyang mukha ang matutulis na sibat. Nagdahilan daw siyang inaantok na.

May ilang buwan nang nakapamalalagi si Berting sa baryo ng mga Kulanggot. Nakatuklas siya roon ng **mina ng apulid** at ginawa niya itong hanapbuhay. Kumita siya nang malaki sa paglulusong sa bayan ng saku-sakong apulid. At upang huwag siyang pagbawalan ng tribo ay itinuro niya sa mga ito ang pagkain ng apulid. Ngayon ay bahagi na ligo? —nabigla kong sambit.

Napaisip si Berting. Hindi siya nakasagot. Natawa ako.

—D'yan ka na at pupunta na ako sa kanila. May tipanan kami ngayon. Pinangakuan ako ni Haring Balugot, ang kanyang ama, na maaari kong makausap si Saliway, —ang naitugon ni Berting at nagmamadali siyang lumabas ng kubong pansamantala naming tinutulugan sa Kalabyang.

NANG magbalik si Berting nang gabing yaon ay tulog na ako. Nguni't bago ako nahimbing ay napagdili-dili ko ang sinabi niya sa akin —ang mga bagay-bagay na may kaugnayan kay Saliway, ang mga Kulanggot, at ang lahat.

Ayon sa pagkakasabi ni Berting, nakita niya si Saliway nang minsang maligo siya nang gabi sa batis sa libis. Sa pagkakatanda ko'y kabilugan nga ang buwan noon. Kasama ni Saliway ang ilan sa mga asawa ni Haring Balugot.

Ang akala raw ni Berting ay magagalit sa kanya ang mga asawa ni Haring Balugot. Nguni't nangatuwa pa raw nang ng mga Kulanggot ang apulid. Bunga nito'y naging kaibigan pa nga si Berting ni Haring Balugot.

Naisip kong maiibig si Berting ni Saliway at hindi malayong magka-asawa siya ng isang Kulanggot. Kaibigan si Berting ni Haring Balugot! Inantok ako sa katatawa nang gabing yaon. Natulog akong nasa isip, na si Berting ay magkakaaasawa ng isang babaing bundok.

SI BERTING ang unang nagising nang sumunod na umaga. Masaya niyang ibinalita ang pakikipagniig niya kay Saliway nang gabing sinundan. Nguni't may suliranin daw siya. Itinanong ko kung ano iyon.

—Tila mahihirapan ako para mapasagot siya e, —may pagdaing niyang nasabi.

—Bakit?

—Nagtapat nga ako. Tila nagustuhan naman ang pagtatapat ko. Nguni't nang hinihingi ko na ang kanyang sagot ay kumuha ng isang mangkok at isang taptapan (ito'y bao na siyang pinakamangkok ng mga Kulanggot, at kulay apulid kapag luma na). Pinagtabi niya ang mangkok at taptapan...

—'Tapos? —tanong ko uli.

Nasa isip ko na ang ibig sabihin ni Saliway sa pagkuha nito ng mangkok at taptapan.

—E, alam mo na naman, e ... Mahina sa Tagalog ang mga Kulanggot. May ibig siyang sabihin pero hindi sinabi, o hindi masabi. Basta itinuro lamang niya sa akin ang mangkok at ang taptapan nang itanong ko kung bakit niya pinagtabi ang mga iyon.

—Alam ko na ang ibig niyang sabihin, —nasabi ko. —At alam ko na rin ang dahilan kung bakit ayaw ka niyang sagutin.

—Ano 'yon? Ano 'yon? —buong pananabik na usisa ni Berting. Niliglig pa niya ang magkabila kong balikat.

—E, pinagtulad ni Saliway ang taptapan at ang mangkok. Maaaring ang ibig niyang sabihin ay alangan siya sa iyo kaya hindi niya matatanggap ang iyong pag-ibig.

—Na ang ibig niyang sabihin, e... Ako ang mangkok at siya ang taptapan? Gano'n ba?

—Gano'n na nga.

Napasuntok sa hangin si Berting at napapalatak.

—'Yon na nga ba ang sinasabi ko, e... —aniya. —Naisip ko na rin kagabi 'yan, e. Pero wala akong maisip na katwiran para maipaliwanag kong hindi siya alangan sa akin... para mapaniwala ko siyang tapat ang layunin ko.

Sa himig ng pananalita ni Berting ay nahiwatigan kong ibig niyang tulungan ko siya. Na, umisip ako ng magandang matwid para maniwala si Saliway na hindi ito alangan sa kanya. Nag-isip ako.

—Talaga bang gusto mo si Saliway? —ang naitanong ko muna sa kanya. —Sabagay, e... Natawa pa muna ako bago ko naituloy ang aking sasabihin. —Sabagay, maaaring pagdating ng araw, kapag napangasawa mo si Saliway ay maging hari ka rito. Maaaring ikaw ang pumalit kay Haring Balugot. Marami rin naman siyang kabig. At magkakaroon ka pa ng harem.

Pormal si Berting nang sumagot. Talagang iniibig daw niya si Saliway. Kahit hindi raw siya gawing hari ng mga Kulanggot ay payag siyang pakasal kay Saliway. At marami pa siyang sinabi. Maaari raw na sa Kalabyang na siya manirahan. Hindi na siya babalik sa bayan. Papayag na raw siyang matawag na Kulanggot basta si Saliway ang naging kapalaran niya.

—Kung gano'n, —nasabi ko, 'yan ang sabihin mo kay Saliway. 'Yan ang magandang dahilan para mapaniwala mo siya. At magtapat ka na sa kanyang ama na umiibig ka kay Saliway. Baka matulungan ka ni Haring Balugot.

Natuwa si Berting.

—Kailan?

—Mamayang gabi.


—Parang nahihiya na ako, e. Parang hindi na ako makahaharap na muli kay Saliway.

Natawa ako.

—Kung gusto mo'y sasamahan kita.

ng pang-araw-araw na pagkain

*(Sundan sa pah. 28)*



# ANG IBINAONG REBOLBER

*ni JOSE C. GARCIA*

**Walang Anu-ano'y Nagulantang Ang Nagsisikain Pagka't Isang Malakas Na Putok Ng Baril Ang Umalingawngaw Sa Halamanan . . .**

**SABADO** noon ng gabi. Ang malawak na halamanan ng mga Makabuhay ay puno ng mga panauhin sapagka't may isang salusalong handog ng mag-asawang Fredy at Mila sa kanilang mga kaibigan. Masayang-masaya ang lahat, maliban kay Mila na tila balisa sa hindi pagdating ni Serafin, ang kanyang dating kasintahang naging asawa ng kaibigan niyang si Lita.

Nang huminto ang isang magarang awto sa may pintuan ng hardin ay lumapit agad si Mila. Gayon na lamang ang kanyang kasiyahan nang bumukas ang pintuan ng kotse at lumunsad sina Serafin at Lita.

—Bakit ngayon lamang kayo dumating? —ani Mila kay Lita.

—Marami pa kasing kuskos-balungos itong si Serafin, e, gayong pupunta rin naman pala kami rito! —sagot ni Lita.

Kumapit si Mila sa bisig ni Serafin, at silang tatlo'y pumasok at nakihalo sa karamihan.

Pamayamaya, si Serafin at si Mila ay nawala na lamang at sukat sa umpukan. Dahil sa karamihan ng panauhin, ang pagkawala ng dalawa'y hindi napansin ni Fredy na asawa ni Mila. Nguni't kay Lita, na mayroon nang hinala sa pagtataksil sa kanya nina Serafin at Mila, ang gayon ay di nakatanan sa kanyang paningin.

Naghanap si Lita sa ilalim ng mga punongkahoy at sa iba pang kubling pook ng hardin, nguni't iba't ibang pareha ang kanyang natatagpuang nag-uulayaw sa kadiliman ng gabi. Walang anu-ano, biglang kumaba ang dibdib ni Lita nang makarinig siya ng nag-uusap sa kabila ng isang malagong halaman sa isang panig ng hardin.

—Salamat, darling, at nagpaunlak ka sa paanyaya ko, —anang tinig babae.

—Ako'y hindi na makatiis sa kalagayan nating ito. Gusto ko'y magsama na tayo at tuparin mo naman ang pangako mo sa akin.

—Huwag kang maingay at baka may makarinig sa atin, —paanas na sagot ng lalaki.

Halos magputok ang kalooban ni Lita pagka't ang mga tinig na kanyang narinig ay kina Serafin at Mila. Nang matigil ang usapan ay dahan-dahang hinawi niya ang dahon ng halamang tumatabing sa dalawa. Nagtiim ang kanyang mga bagang nang makitang hagkayakap nang mahigpit sina Serafin at Mila at magkalapat ang mga labi. Humarap siyang bigla sa dalawa at galit na nagwika:

—Huling-huli ko kayo. . .! Mga taksil! Mga walanghiya!

Biglang napatayo si Serafin.

—Alam mo, Lita. . . natalisod si Mila nang naglalakad kami rito. At nang yumuko ako upang alalayan siya ay natumba ako. . . kaya napayakap tuloy ako sa kanya!

—Tama na 'yang pagbobodabil ninyo! Huling-huli ko kayong naghahalikan buhat pa kanina! Pati yang pisngi mo'y hayan punung-puno ng lipstik!

Nakatungo lamang si Mila at hindi makakibo. Si Serafin ang nakiusap sa asawa upang tumahimik. Palibhasa'y nakapagtimpi rin si Lita at ayaw lumikha ng iskandalo kung kaya hindi na nag-ingay. Nang magbalik ang tatlo sa umpukang kinaroroonan nina Fredy ay walang nakapuna sa nangyari.

—May sama ka ba ng loob sa 'kin, Serafin, ngayong maybahay ko na ang naging katipan mo? —ani Fredy na tumutungga noon ng alak.

—Iniinsulto mo ba ako? —tugon ni Serafin, sabay akmang dadaluhungin si Fredy.

—Huwag, Serafin! sansala ni Lita sa asawa at pinigilan ito sa kamay. —Si Fredy ay lasing at hindi mo dapat patulan!

Bagama't lasing na nga, parang naisip ni Fredy ang kanyang pagkakamali, kaya humingi ng paumanhin sa kaibigan upang hindi mapansin ng mga panauhin ang nangyari.

Palibhasa'y malawak din naman ang pag-iisip ni Serafin kung kaya nakipagkamay siya kay Fredy. Sa anyaya ng huli ay nag-inuman ang dalawa at nawala sa karamihan.

Oras ng kainan. Masasaya ang lahat habang nagsasalusalo sa harap ng mga mesang puno ng masasarap na pagkain.

Walang anu-ano'y nabulahaw ang nagsisikain nang isang putok ng baril ang biglang umalingaw-ngaw. Palibhasa'y madilim sa pinanggalingan ng putok kung kaya hindi matiyak ng mga panauhin kung sino ang binaril at kung sino ang bumaril.

Pagkaraan pa ng ilang sandali ay nakarinig ang lahat ng tili ng isang babae. Ang mga lalaki'y nagsisaklolo, at nakita na lamang na si Fredy ay patay na at iniyakan ng asawang si Mila.

Hindi nagluwat, si Tinyente Ramos ng pulisya ay dumating at nagsiyasat.

—Isa hong lalaki ang nakita kong bumaril sa aking asawa, nguni't hindi ko namukhaan kung sino pagka't madilim! —ang sabi ni Mila kay Tinyente Ramos.

Ang buong halamanan ay sinuyod, nguni't ang baril na pumatay kay Fredy ay hindi natagpuan. Ang lahat ng mga panauhin ay kusang napakapkap subali't hindi rin nakita ang baril. At samantalang sinusuri ng doktor ng pulisya ang bangkay, ilan ang nagbigay ng kanilang kuru-kuro sa imbestigador.

—Mabait ho si Fredy, Tinyente, at mabuti pang makisama, —anang isang lalaki. —Marahil ay napagkamalan lamang ho siya ng kriminal!

Nang si Serafin ang tinanong, wala siyang nasabi kundi isang tapat na kaibigan niya si Fredy.

Maagang-maaga pa, kinabukasan, ay sinaliksik na mabuti nina Tinyente Ramos ang buong bakuran ng mga Makabuhay. Nguni't gaya rin ng gabing sinundan, ang baril na ipinamatay kay Fredy ay hindi natagpuan.

Kinahapunan ay nabatid ang kinalabasan ng awtopsiya sa

bangkay. Ang nasawi ay napatay ng isang punlong naglagos sa likod hanggang sa puso, at ito ay pinaputok sa isang awtomatikong pistola, kalibre 45, nguni't hindi rehistrado sa pamahalaan.

Pagkalipas pa ng dalawang araw, ang bangkay ni Fredy ay inilibing. Kinahapunan nang araw na yaon, si Lita ay nagsadya kina Mila.

—Bakit hindi mo ipinagtapat kay Tinyente Ramos na inaway ng asawa ko ang asawo mo bago nangyari ang krimen? —sabi ni Lita kay Mila.

—Dahil sa ayaw kong masangkot sa usapin ang asawa mo!

—Kung gayon, ang ibig mong sabihin ay walang kinalaman si Serafin sa krimen?

—Ewan ko!

Pagkaraan ng ilan pang sandali ay umalis si Litang gulung-gulo ang isipan. Ang kutob ng loob niya ay si Serafin ang pumatay kay Fredy pagka't di na lihim sa kanya na talagang nagbabanta ang kanyang asawa na makaganti sa pinatay. Nguni't tila malabo ang mga pangyayari.

Tatlong buwan pa ang lumipas na walang nakikitang linaw si Tinyente Ramos sa naganap na krimen. Minsan sa isang linggo, nagsasadya siya sa **PC Firearms Indentification Section** upang alamin doon kung natagpuan na ang baril na pumatay kay Fredy, nguni't wala siyang natatanggap na magandang balita.

Isang gabi, sa loob ng isang kilalang "night /club" sa Dewey, ay makikitang ngitngit na ngitngit si Mila sa paghihintay sa pagdating ni Serafin. Nang may dalawang oras na siyang naghihintay at si Serafin ay hindi pa sumisipot, ang balak niyang magsadya sa pulisya ay kanyang tinupad. Si Tinyente Ramos ay wala noon sa kanyang tanggapan kaya't nag?iwan ang balo ng isang kalatas na siya'y babalik kinabukasan upang magbigay ng linaw sa hindi pa nalulutas na pagkamatay ni Alfredo Makabuhay.

—Kitang-kita ko ho. Tinyente, na ibinaon ni Serafin Rosales ang baril na kanyang ginamit sa pagpatay sa Mister ko nang gabing mangyari ang krimen! —ang wika ni Mila nang magbalik siya sa upisina ni Tinyente Ramos kinabukasan.

Natiyak agad ni Tinyente Ramos na may "kaugnayan" si Mila kay Serafin kung kaya pinalampas muna nito ang tatlong buwan bago nagtapat.

—E, bakit ngayon lamang ninyo ipinagtapat ang mga bagay na iyan, Misis? Baka nahukay na sa pinagbaunan ang baril!

—Hindi pa, Tinyente. —tugon ni Mila. —Ang aking hardin ay napaliligiran ng mataas na pader at may mabangis na asong nagbabantay gabi at araw.

Si Serafin ay ipinakaon ni Tinyente Ramos sa dalawa niyang tiktik at sila ni Mila ay nagsadya sa bakuran ng mga Makabuhay. Sa isang pook na di malayo sa pinangyarihan ng krimen ay nahukay ng mga tauhan ni Tinyente Ramos ang isang halos bagung-bagong awtomatikong pistola, kalibre 45. Maingat na sinuri ng tinyente ang nikiladong baril bago ibinitin sa isang pisi upang huwag mabura ang nakadikit na bakas ng daliri.

—Iyan ho, Tinyente, ang baril na ginamit ni Serafin na ibinaon niya pagkatapos niyang patayin ang Mister ko, —sabi ni Mila nang ipakita sa kanya ang sandata.

—Bakit ninyo natiyak? Nasaan kayo nang mangyari ang krimen? —tanong ni Tinyente.

—Nariyan ho ako sa likod ng malaking punong iyan, — tugon ni Mila na itinuro ang tinukoy na puno.

Nasa istasyon na sina Serafin at Lita nang sina Tinyente Ramos ay dumating na kasama si Mila. Tatawa-tawa pa ang balo sa mag-asawa nang magdaan sa harapan ng dalawa.

—Ano'ng ibig sabihin nito? —tanong ni Serafin kay Mila nang sila'y ilang sandaling maiwan ni Lita sa tanggapan ni Tinyente Ramos.

—Malalaman mo rin pagdating ni Tinyente Ramos mula sa kanilang laboratoryo! — sagot ni Mila.

At hindi nga nagtagal, ang pinakahihintay na sandali ay dumating. Subali't nang titigan ni Tinyente Ramos si Mila, ang balo'y pinawisan at tila naging balisa. Nang si Serafin ay hindi na makatiis, nilapitan ang tinyente at nagtanong.

—Ano ba ang ibig sabihin nito at ako'y pinipigil ninyo rito?

—Sa iyo ba ito? —tugong patanong din ng tinyente, sabay pakita kay Serafin ng nikiladong pistola.

—Hindi! Ang baril ko ay isang rebolber, kumando "type", kalibre 38, rehistrado sa pamahalaan. Bakit, Tinyente?

Sa halip na tumugon ay tinitigang muli ng tinyente si Mila. Nang patuloy pa rin ang hindi pag-imik ni Mila at mapansin ng tinyente ito'y nangangatog at namumutla, ay saka nilapitan.

—Sa ngalan ng batas, ikaw ay pinipigil ko, Mila Makabuhay, sa salang pagpatay sa iyong asawa!

Napadilat sina Lita at Serafin. Hindi sila makapaniwalang si Mila ang kriminal na pinaghahanap ng pulisya. Samantala'y napabulalas ng iyak si Mila, at nang matigil ay ay saka nagpaliwanag si Tinyente Ramos.

—Napatunayan ng aming Ballistics Expert na ang baril na nahukay namin kanina sa hardin ng mga Makabuhay ay siyang baril na umutas kay Fredy Makabuhay. Sa manggo ng baril ay natagpuan namin ang mga bakas ng daliri ni Ginang Makabuhay. Ayon sa pagsusuri sa laboratoryo namin, kung tutoong nakabaon ang baril nang mahigit na tatlong buwan, ang mga bakas ng daliring naiwan sa alinmang parte ng baril ay tiyak na mabubura pagka't kakainin ng kalawang. Nguni't ... — Hindi na natapos ni Tinyente Ramos ang kanyang pagpapaliwag sapagka't tungo ang ulong inamin na ni Mila ang pagkakasala na atas umano ng matinding pagibig niya kay Serafin. Pinatay niya ang kanyang asawa sa paniwalang hihiwalayan ng lalaking minamahal niya ang tunay nitong asawa gaya ng pangako sa kanya. Nguni't sa halip na magkagayon ay panay na sama lamang ng loob ang naidulot sa kanya. At nang gabing hindi sumipot si Serafin sa kanilang tipanang-pook ay napuna na siya at binuo niya sa sarili na paghigantihan si Serafin. Kaya pagkatapos niyang ibaon ang baril na kanyang ginamit sa pagpatay sa kanyang asawa ay nagsadya siya sa pulisya upang ipagsumbong si Serafin. Hindi niya nalalaman na sa ginawa niyang iyon ay mabubunyag ang tutoo at siya ang mapapahamak.

—Harinawang magsilbing aral ang pangyayaring ito sa mga babai't lalaking hindi kontento sa iisang asawa at natututo pang umutang ng buhay matupad lamang ang hangaring magkaroon ng dalawang asawa! —wika ni Tinyente Ramos, na bagama't kina Mila at Serafin tumingin ay sa lahat naman iniuukol.

— o —

## PAGKAKATAON PARA SA INYO...!

Ang Magasin ng BAGONG BUHAY ay nag-aanyaya sa mga kabataan, nagsisipag-aral o hindi man. na magpadala ng kanilang maiikling akda (maaaring kuwento, sanaysay, artikulo o iba pang lathalain) at ilalathala namin kailanpama't maaari. Ito'y ibinunsod namin upang bigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na makapagpalathala ng "mga bunga ng kanilang panitik."

Ang bawa't ipadadalang akda ay huwag kukulangin sa isa at huwag namang hihigit sa dalawang karaniwang papel-makinilya at makinilyado sa dalawang patlang. Maaari ring sulat-kamay, kailangan nga lamang na maging maliwanag ang pagkakasulat. Ilagda lamang ang inyong buong pangalan, at isulat ang edad, tirahan o paaralan.

Ang bawa't malathalang akda ay pagkakalooban ng ₱5.00 pabuya.

Samantalahin ang pagkakataong ito. Maaaring ito na ang maging tuntungan sa pagiging kuwentista ng sinumang karapat-dapat tanghaling kuwentista o manunulat.

Ipadala ang inyong akda sa: *Pitak ng Kabataan, Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.*

## Ang Pataksil...

(*Buhat sa pah. 16*)

hanggang langit. Ang dalawang taong sa gitna ng mga lalong mabangis na pakikipaghamok ay hindi nakakikilala ng panganib alang-alang sa kanilang bayan, ay nangaputi ang buhay hindi sa kamay ng mga kaaway kundi ng kanila na ring mga kabalat — mga Pilipinong taksil at duwag na ang mga sarili ay ipinagamit na kasangkapan sa kasamaan!

Ang naging sugat ni Heneral Antonio Luna sa mga taga't ulos at sa mga tama ng punglo ay apatnapu't pito. Ang bangkay ng mga nasawi ay ibinalot lamang sa isang lumang banig at ibinurol sa loob ng simbahan na hindi kalayuan sa pinangyarihan ng krimen.

Matapos maiburol, ang ginawa ni Koronel Sityar ng Estado Mayor ng Hukbong Pilipino ay agad nagpahatid-kawad kay Presidente Emilio Aguinaldo na nagsasaad ng ganito:

**Nangapatay si Heneral Antonio Luna at ang kanyang Ayudanteng si Koronel Paco Roman. Ano ang gagawin ko?**

Hindi nagtagal at si Koronel Sityar ay tumanggap ng kasagutan mula kay Presidente Aguinaldo na noon ay nasa San Isidro. Ayon sa pahatid-kawad ng Presidente ay kailangang ipalibing agad ang mga bangkay at ipagkaloob dito ang karampatang parangal alang-alang sa mataas na katungkulang hinahawakan sa hukbo.

Kinabukasan, sa ganap na ika-9:00 ng umaga ay ginanap ang paglilibing sa dalawang nasawi. Ang mga bangkay ng dalawa ay ibinalot sa watawat ng himagsikan, na sa maraming pakikipaglaban nila sa kaaway ay buong giting nilang ipinagtanggol. Sa mahabang hanay ng mga nakipaglibing ay kabilang ang maraming kawal, mga taong-bayan, isang banda ng musiko at si Padre Gregorio Aglipay, na siyang paring katoliko ng hukbo.

Ang mga bangkay ay inilagak sa dalawang magkatabing hukay. Ang nagsilbing krus sa dalawang bangkay ay isang punong duhat na nakatanim sa may ulunan ng dalawang hukay.

Sa wakas ay naigupo rin ng mga taksil ang lakas ni Heneral Antonio Luna at ng kanyang matapang gat magiting na ayudante. Nguni't ang gayon ay lalo lamang ikinadakila nila sa puso at damdamin ng ating bayan na minahal nila at ipinagtanggol.

Sa pagsapit ng araw ng kamatayan ni Heneral Antonio Luna, nararapat lamang na gunitain natin siya upang maipakilalang tayo'y hindi nakalilimot sa kanya at sa kanyang mga kabayanihang namunga ng kalayaang tinatamasa ngayon ng mga Pilipino! (X)

## Kayo At...

(*Buhat sa pah. 9*)

*ANG PAGLAKI NG MGA BATANG KULANG SA BUWAN*

Kung ano ang laki ng bata ay siyang laki naman ng pagkakataon niyang mabuhay. Ang mga sanggol na may 2 libra lamang ang gaan ay namamatay.

Ang pag-aalaga sa mga sanggol na kulang sa panahon ay punung-puno ng kahirapan at gugol. Pagtitiyaga, ingat, at wastong isip ang mahalaga. Nguni't lalong mahalaga ang iwasan ang ganitong pangyayari. Kaya't maaga pa ay magpaalaga na habang nagdadalantao, ang ipinapayo sa mga magiging ina.

—‹ O ›—

## Pakikipanayam

(*Buhat sa pah.* 12)

S. *Kung ako ang masusunod, at kung magagawa ko, aalisan ko ng mga wika ang isipan ng mga Pilipino. Pagkatapos, isa-isa kong tataniman ng abakada (A, B, K, D). Marahil, pag nagsisimula na silang matuto, sasabihin nilang: "Maindayog pala ang wikang Pilipino! Kailangang pag-aralan ko ito nang husto!"*

T. Malalim po yata ang ibig ninyong ipakahulugan diyan, a?

S. *Hindi. Karaniwan lamang. Sa maikling pangungusap, dapat nating harapin nang puspusan ang pagpapaunlad sa ating wika.*

—‹ O ›—

## Mga Pagkain...

(*Buhat sa pah.* 8)

Isama ang ¾ na tasang asukal hanggang sa magkaroon ng mga kurba o mga alun-alon.

Isalin sa dalawang sisidlan ang mga sangkap na pinaghahalu-halo.

Ibudbod ang tinadtad na **almond,** asukal at **cinnamon.**

Ihurno sa pugong may katamtamang init (mga 350°F) nang mga 30 minuto.

Palamigin.

Lagyan ng "cream filling" o ng krema ang unang sisidlan bago ipatong ang isa pa.

Tulad ng nasa larawan ang magiging anyo.

Para sa walong katao.

**CREAM FILLING**

**Mga sangkap:**

⅓ tasang asukal

3 kutsarang gawgaw (cornstarch)

¼ kutsarang asin

2 pula ng itlog

2 kutsarang mantikilya

2 tasang gatas na sinamahan ng mainit na tubig (scalded milk)

1 kutsarang **vanilla**

**Paraan ng pagluluto:**

Pagsama-samahin ang asukal, gawgaw, asin at pula ng itlog sa ibabaw ng "double boiler" o magkasusong pakuluan.

Lagyan ng mantikilya at katamtamang gatas hanggang maging parang kola at haluin nang madalas.

Unti-unting isama ang natitira pang gatas at pakuluin sa ibabaw ng kumukulong tubig. Haluing malimit hanggang sa tumaas ang nakasalang.

Palamigin at isama ang **vanilla.** Haluing mabuti.

Idagdag ang kalahating tasang **almond** kung ibig.

——oOo——

## Mga Payo...

(*Buhat sa pah.* 7)


litaan ka ng iyong kapwa?

7. Pumapayag ka bang pagsamantalahan ka sa kabila ng iyong pagmamagandang-loob at mabuting pagpapalagay sa kanila?
8. Sa lahat ba ng sandali ay nakikimi kang ipaglaban ang iyong nais, panukala o katwiran sa isang taong lubhang nakikipagtalo at nakikipaglaban sa iyo?
9. Sa ano mang gawain, nasusumpungan mo na lamang ba na ikaw ang gumagawa ng mga tungkulin o gawaing inaayawan ng balana?
10. Nagiging napakaaba ba at napakalungkot ang iyong buhay dahil sa ikaw ay napahinuhod na sumang-ayon at pailalim sa nais ng iba?

Ang pito o higit na sagot na pasang-ayon sa mga katanungang nabanggit ay maliwanag na nagpapahiwatig ng pangangailangan mo ng pakikibaka sa mga lakas na panloob o panlabas na humahadlang sa iyong pagiging malusog, maligaya at matagumpay.

Ang sagot na pasang-ayong mula sa tatlo hanggang anim ay nagbubunyag ng ilang masamang kalagayan na nangangailangan ng mahigpit na pakikipaglaban.

Nangangahulugan ng pambihirang giting, kalayaan at matibay na ugali o "character" kung ang iy'ong sagot na pasang-ayon ay mababa pa sa tatlo. —M.M.



ISANG ARAW ay nagsimba si Mang Huwan sa Kiyapo. Sa kanyang pagdaraan sa may pintuan ng simbahan ay nakatawag ng kanyang pansin ang isang pulubing nililimusan nang halos lahat ng nagdaraan.

—Nanang... Tatang maawa't mahabag sa sinamang-palad... —ang paulit-ulit pang dinarasal ng pulubi habang nakalahad ang mga palad.

Isang babae ang nakita ni Mang Huwan na nagbigay ng isang singkong papel sa pulubi. Nang makita niyang naramdaman ng pulubi ang pagkakalagay ng singko sa mga palad niyon ay huminto sa pagdarasal.

Matapos tingnan pa nang ilang saglit ang pulubi ay nagpatuloy na si Mang Huwan nang paglabas sa patyo ng simbahan.

Subali't nang mapatapat siya sa pulubi ay hindi man lamang niya nilingon iyon pagka't walang laman ang kanyang bulsa kundi isang diyes na papel na hustong pamasahe lamang niya para makauwi. Noon niya muling narinig ang pagsasalita ng pulubi:

—Pagpalain nawa kayo ng Maykapal at nawa'y sumainyo ang kariwasaan habang kayo'y nabubuhay!

Napalingon si Mang Huwan. Nakita niyang wala naman siyang kasunod. Natiyak ni Mang Huwan na sa kanya iniukol ng pulubi ang dalanging: 'pagpalain nawa kayo ng Maykapal'.

Nag-isip siya kung bakit ang naglimos na babae ay hindi pinag-ukulan ng pulubi nang gayong dalangin. —g.r.f.

——oOo——

## Dalawang ,..

(*Buhat sa pah.* 15)

tatapos ang itinagal ng isang nag-aaral sa paaralang pagtatapusan. Kaya sa halip na tumanggap ng diplomang may pinakamataas na karangalan, ang tinanggap lamang niya'y diplomang may karangalan.

Nang minsang magkaroon ng parangal kay Balagtas ang Kapisanan ng Inang Wika ng Arellano High School, na si Pabling ang panauhing pandangal at si Bb. Paz Nicasio ang magpapakilala sa kanya, ay naitanong ng magiging tagapagpakilala kung ano ang sasabihin nito ukol sa kanya. Hindi tumugon si Pabling kundi sumulat, at ang sumusunod ang isang bahagi ng maikling talambuhay na ibinigay niya kay Bb. Nicasio:

Si G. Pablo N. Bautista ay isinilang at lumaki sa Cabiao, Nueva Ecija, at sa Cabiao High School niya natapos ang kanyang **high school.** Lumuwas ng Maynila at nagtapos ng BSE at AB sa UST na kinuhá niya sa loob ng limang taon sapagka't sa gabi lamang siya nag-aaral. Samantalang nag-aaral ay naging patnugot ng pitak ng Wikang Pambansa ng **The Varsitarian** sa loob ng tatlong taon. Nakuhang komentarista ng PIC noong nasa ikalawang taon ng pag-aaral. Naging pangulo ng USBONG, pangalawang pangulo ng KADIPAN, mga kapisanan ng mga manunulat sa Tagalog, at tagapagsalin ng wika sa US Embassy. Nalipat sa **Liwayway** at isa sa mga nasa pamatnugutan ng nabanggit na magasin.

Bilang kuwentista, siya ang nagkamit ng unang gantimpalang isang libong piso sa taunang timpalak ng Palanca noong 1952, sa kanyang kuwentong "Kahiwagaan". Bilang makata ay napiling Makata ng Taon ng **Liwayway.** Kasama ang kanyang kuwentong "Kapirasong Tinapay" sa aklat na Panitikan sa Mataas na Paaralan. Kasama ang kanyang tulang "Ang Buwan at Ako" sa Parnasong Tagalog, isang kalipunan ng mga tula na pinamatnugutan ni Alejandro G. Abadilla.

Ang Dahong Tagalog ng **The Varsitarian,** na siyang ikalawang babasahing pampaaralang pinamatnugutan ni Bautista ang una'y ang dahong tagalog ng **The Granary** ng Cabanatuan High School) ay hindi rin nagkulang ng paglalathala ng ukol sa kanya. Isang bahagi ng inilathala sa nasabing babasahin ang sumusunod: Hinirang na patnugot ng pitak ng tagalog noong taong 1951 ni Propesor Jose Villa Panganiban. Una siyang nagpamalas ng kakayahan sa pagsusulat sa panahon ng kanyang pag-aaral. Noon siya nagkamit ng gantimpalang Palanca na nagbigay ng malaking karangalan sa unibersidad sa kabuuan.

Ang kuwentong tinutukoy na nagkamit ng gantimpalang Palanca at naging putong ng karangalan ng sumulat at ng Unibersidad ng Santo Tomas sa kabuuan ay ang **Kahiwagaan.**

**Ukol Sa "Kahiwagaan"**

May tanging dahilan si PNB kung bakit hindi agad niya sinulat ang kuwentong nabanggit bagama't malaon nang buo sa kanyang isip ang banghay niyon. Hinintay pa niyang maging malinaw na malinaw sa kanyang pakiramdam at pang-unawa ang panglaw at sungit ng kapaligirang siyang tutulong sa pagbibigay-buhay sa kahiwagaan ng kanyang paksa. Kaya nang magsungit ang panahon isang gabing naglilisa siya sa isang silid sa Malakanyang (naglilingkod na siya noon sa PIC) ay hindi siya nagkulang sa pagsamantala sa gayong pagkakataon. Ang himig na iyon ang malinaw na inilarawan ng mga unang ba-

(*Sundan sa pah.* 31)

## Mga Sulat ...

(*Buhat sa pah. 2*)


Dito po sa amin ay lagi kaming bumibili ng Bagong Buhay. Nasisiyahan po kaming magbasa ng inyong pahayagan, lalunglalo na kung Linggo. Gustung-gusto po naming basahin ang inyong magasin, at nabasa ko po yaong lathala ninyo tungkol kay Gloria Romero. Binabati namin kayo!


Maaari po bang maglathala naman kayo ng artikulo tungkol kay Melita de Leon? Nais ko pong makabasa ng mga bagay-bagay tungkol sa mga nanliligaw sa kanya. Sa lahat po ng paborito kong artista ay si Melita lamang ang kulang sa publisidad, lalo na sa ibang magasin. Hindi ko nga malaman kung bakit.

Inaasahan po naming mga tagahanga ni Melita de Leon ang marami niyang larawan at artikulo sa inyong magasin. — *Cherry Dimalanta, "Melita de Leon Fans Club", Caloocan, Rizal.*

**Ibig ho naming maniwalang dahil lang sa hinihiling ninyo kaya medyo hinagisan naman ninyo kami ng kaunting papuri, hindi ho kaya? E, ano't ano man ay salamat sa inyo, Aling Cherry. At sisikapin ho naming mailathala ang gusto ninyong mabasa tungkol sa hinahangaan ninyong bituin. —ED.**


LAMANG SA MGA NABABALITANG KASALBAHIHAN NI TONY AY INIBIG NA SANA ITO NI DIDING. YAON LAMANG ANG INAAYAW NI DIDING KAY TONY, ANG KALIKUTAN NITO, ANG KABILISAN SA LARANGAN NG PAG-IBIG. YAON DIN ANG DAHILAN NG DI NIYA PAKIKITUNGO KAY TONY SA KABILA NG MALIMIT NA PAGTUNGO NITO SA KANILA AT PAGLIHAM SA KANYA... HANGGA'T MAAARI'Y INIIWASAN NIYA SI TONY... NGUNI'T NGAYO'Y...
DIYOS KO, ANONG GAGAWIN KO NGAYON? WALA AKONG MAISIP NA PARAAN PARA MAKAIWAS SA KANYA?!
Habag ang PAG-IBIG
ni Ading Gonzales
WALA AKONG MALILIKUAN! UUWI NA AKO!
TONY BAUTISTA
MAKABALIK NA, MABU-- DIYOS KO... HINDI RIN MAAARI! WALANG KATAU-TAO SA PASO... TIYAK NA MAGKAKASALUBONG KAMI KUNG BABALIK AKO.. TIYAK NA MAGKAKALAPIT KAMI! HINDI AKO MAKAIIWAS SA KANYA?!
AH, MAKATULOY NA NGA... BAKA MAY IBANG TAO NAMAN SA SAPA! TIYAK NA MAY IBANG NAGLALABA ROON! SA KANILA AKO TATABI NANG HINDI MAKALAPIT ANG HAYUP NA IYON...
NGUNI'T NANG DUMATING SI DIDING SA LABAHAN AY LALO SIYANG INALIHAN NG MATINDING TAKOT. WALANG KATAU-TAO ROON...
DIYOS KO NAMAN!!! BA'T BA NAMAN NGAYON PA NAWALAN NG TAO RITO!
MATAGAL NA SINAKLOT NG TAKOT SI DIDING... MALUWAT SIYANG NAPATIGAGAL SA PAGKAKATAYO... NGUNI'T NANG MAISIP NA MAAARING NILALAPITAN NA SIYA NI TONY AY MADALI NIYANG IBINABA ANG SUNONG NA BATYA AT NAGKUNWANG NAGLALABA NA, HABANG MAHIGPIT NA PIGIL SA ISANG KAMAY ANG DALANG PALU-PALO...
ORAS NA LUMAPIT SIYA'Y...
HINDI SANA MAPUPUNA NI DIDING ANG PALIHIM NA PAGLAPIT NI TONY KUNG DI LUMIKHA NG INGAY ANG MALILIIT NA BATONG TINUTUNTUNGAN NITO. SA PAGKARINIG SA INGAY NA YAON AY MABILIS NA KUMILOS SI DIDING...
O, LOKO!!
MABILIS NA IBINALIK NI DIDING ANG KANYANG MGA LABAHIN SA BATYA, SINUNONG AT HINDI TINITINGNAN SI TONY AY HUMAKBANG NA PAUWI. NAIWANG "NAKABULAGTA" SI TONY, HINDI KUMIKILOS.
NANG MALAYU-LAYO NA SIYA'Y SINAGILAHAN SIYA NG PANGAMBA. PARA SIYANG NATAUHAN SA KANYANG GINAWA KAY TONY.
DIYOS KO! TILA HINDI NA SIYA KUMILOS SA PAGKAKAPALO KO! BAKA KUNG SAAN NA SIYA TINAMAAN! BAKA NAPATAY KO SIYA! BAKA KRIMINAL NA AKO!... MABUTI PA'Y...
BINALIKAN NI DIDING SI TONY. MATAGAL MUNA NIYANG PINAGMASDAN, SAKA NANGINGIMING HINAPLOS ANG NOO NG BINATA. NGUNI'T...
MANIWALA KA, DIDING... MABAIT NA AKO NGAYON! KAYA AKO NAPARITO'Y TALAGANG IBIG LAMANG KITANG MAKITA AT TULOY PANGALAGAAN!
KAHIT NA! IKAW PA RIN ANG PINAKASALBAHENG NAKILALA KO. MANLOLOKO! MAGDARAYA!
BAGO NAKAALIS SI DIDING AY...
TSUP!
NGAYON AY HINDI
IWASAN ANG
KASALBAHENG TAO
NATIN BUKAS!
WAKAS


MANDRAKE
ang
SALAMANGKERO
nina LEE FALK at PHIL DAVIS
SAMPUNG MILYONG BABAE, NA PAWANG NANALO SA TIMPALAK-KAGANDAHAN SA KANI-KANILANG PLANETA, ANG PUMAPASOK SA MAKINANG TAGAHATOL SA MAGNA, PINAKAMALAKING PLANETA!
1
SA LOOB, LIBU-LIBONG MAHIWAGANG SINAG--BAWA'T ISA'Y NAGTATALA NG KAGANDAHAN!
2
ANG LUNSOD--ANG MGA TAO--LAHAT AY MAALINDOG! HINDI AKO MAKAPANIWALA SA NAKIKITA KO--KAHIT SA ALPOMBRANG SINASAKYAN NATIN.
SABI NILA--"ISIPIN ANG IBIG NINYONG PUNTAHAN--IHAHATID KAYO"--AT NANGYAYARI NGA!
3
ORAS NA PARA PUMUNTA TAYO SA ISTADYUM PARA PAKINGGAN ANG KINALABASAN NG TIMPALAK. IYON NA SIGURO!
ISANG ISTADYUM! WALANG KATAPUSAN--HINDI MAABOT NG PANINGIN ANG KALUWANGAN!
4
MAY SAPAT NA LAKI PARA SA SAMPUNG MILYONG KALAHOK, MGA KAGAWAD, MGA KAIBIGAN AT KAANAK!
ANG MAKINANG TAGAHATOL AY NAKAPILI NA NG LABINDALAWANG KALAHOK NA HAHARAP SA EMPERADOR MAGNON--NA PIPILI NG TATLONG MAGWAWAGI--
5
3-17
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
NARITO ANG LABINDALAWANG NAGWAGI SA PASIYA NG MAKINA! LOUISA NG BULGARN, CONSTANZA NG ELM, JULAAN NG PHOENAX, NARDA NG DAIGDIG--
!
!
6
ITUTULOY-


Si Gus at Si Jaq
ni Walt Disney
Naagaw ng mga "dagitis" ang alpiler ni Sinderela ... nguni't naipit ang buntot ni Jaq!
Z Z Z Z
GULP!
A-ANO NGAYON ANG G-GAWIN NI JAQ?
ANG IBIG MONG SABIHI'Y GAGAWIN NATIN PARA ILIGTAS SI JAQ...!
IPAKIKITA KO SA INYO!
Lumusob si Gus sa nahihimbing na dambuhala, sa hangad na mapalaya ang kaibigang si Jaq...
I ISTREYTIN KO
H'WAG! H'WAG!
BAKA PWEDENG BATAKIN SA ILALIM...
DAHAN-DAHAN! BAKA MAPUTOL!
GOTLAY! DI MAALIS ANG BUNTOT NI JAQ!
KAWAWANG JAQ!
3-17
HINDI KO MAALIS. ISA NA LAMANG ANG PARAAN! PUTULIN ANG BUNTOT!
NEVER!! EM GONNA DIE MUNA!
IWAN MO NA AKO -- DALHIN MO KAY SINDERELA ANG ALPILER. SABIHIN MONG SINAMANG-PALAD (HIKBI) SI JAQ!
SNIF
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
Distributed by King Features Syndicate.
ITUTULOY...

# "VILLA MUERTE"

Nobela ni
PATROCINA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS





"Remember Me"
( Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-12 LABAS
SISINGHUT-SINGHOT NA LUMAPIT SI RENE SA INA, HABANG WALANG KIBONG NAKATUNGO SI TERESA...
ang nakaraan:
NAGKASAGUTAN SINA LEANDRO AT DON FILEMON. BINALAAN NG DON ANG ANAK TUNGKOL KAY TERESA. SAMANTALA, NAHALATA NG INA NI TERESA NA MAY NANGYARI SA DALAWANG ANAK. HINDI MAIPAGTAPAT NI TERESA ANG TUTOO, KAYA SI RENE ANG TINAWAG UPANG USISAIN...
IBIG KONG MAGTAPAT KAYO SA AKIN NANG BUONG KATOTOHANAN! AKO'Y INA NINYONG DI DAPAT PAGLIHIMAN NG ANO MANG BAGAY! ...ANO ANG NANGYARI SA INYO NI ATE MO AT NAGKAKAGANYAN KAYO?
katha ni EDDIE RAÑOLA
HINDI UMIMIK ANG BATA. NGUNIT PAGKARAAN NG ILANG SAGLIT AY MINARAPAT NA SABIHIN NA RIN ANG TUTOO...
...AT SA HIYA NG ATE AY UMIIYAK NA TINUNGO ANG PINTUAN AT PATAKBONG NANAOG! PATI AKO AY NAPAIYAK NA RIN, AT SUMUNOD NA AKO SA KANYA...
JOSE ISA
PARANG SINAKSAK ANG DIBDIB NG MAYSAKIT. PINAKADAMDAM NIYA NANG LABIS ANG NANGYARING KAAPIHAN NA NAMAN NG MINAMAHAL NA MGA ANAK. LUMAKAS ANG PAGHINGAL, AT...
DIYOS KO! ...ANO NAMAN ANG NAGAWA NAMING PAGKAKASALA AT LAGI NA LAMANG KAMING NAGDARANAS NG GANITONG SAMA NG LOOB!
HAYAN... PATI KAYO NGAYON AY... KAYA NGA BA AYAW NA NAMING SABIHIN SA INYO ANG TUTOO, E, ALAM NAMING DARAMDAMIN DIN NINYO! ...PERO HUWAG NA NINYONG DIBDIBIN IYON...
HENGA, NANAY! 'ALANG KUWENTA 'YON! TALAGA NAMANG PULUBI KAMI, E... HINDI BA?
SAKA, NGAYON KO NAISIP NA WALA NAMAN PALA KAMING DAPAT ISAMA NG LOOB! BINIBIGYAN PA NGA KAMI NG PERANG... LIMOS DAW, E BAKIT KAMI MASASAKTAN! DAPAT PA NGA NAMING IKATUWA ANG GAYON, KUNG IISIPIN!
NGUNI'T HINDI NAKUHANG PAYAPAIN NINA TERESA ANG NASUGATANG KALOOBAN NG INA. AT DAHIL SA MALAON NANG MAYSAKIT AT WALANG SAPAT NA LAKAS UPANG IPANGLABAN SA TINDI NG DUMAGOK NA DAMDAMIN, AY...
NANAY...! HUWAG NA SABI NINYONG ALALAHANIN ANG NANGYARING IYON! ... TINGNAN NINYO'T HINDI YATA KAYO MAKAHINGA! ...ANG NANAY NAMAN... DIYOS KO...
HINDI NAGHUPA ANG NAKABABALISANG ANYO AT MANDI'Y SUMAMANG KALAGAYAN NG MAYSAKIT. PINAINOM NA NI RENE AT HINAGUD-HAGOD SA LIKOD NI TERESA, NGUNIT WALANG TIGIL ANG MALAKAS NA PAGHINGAL...
RENE... TAWAGIN MO SI DOKTOR MIGUEL! ...DALI! ...SABIHIN MONG SINUMPONG NA NAMAN ANG NANAY!
PATAKBONG SUMUNOD ANG BATA AT SINAGASA ANG KARIMLAN...
DIYOS KO PO! ...KAAWAAN PO NINYO ANG NANAY KO!... ILIGTAS PO NINYO, DIYOS KO PO...
NANG BUMALIK ANG BATA AY KASAMA NA ANG DOKTOR. TININGNAN NITO ANG MAYSAKIT. NALARAWAN DIN ANG PAGKABALISA SA MUKHA NG MANGGAGAMOT...
MATAPOS ANG PAGSUSURI AY LIHIM NA KINAUSAP SI TERESA...
IPABILI NINYO AGAD ANG RESETANG ITO AT IBIGAY SA MAYSAKIT! HUWAG NINYONG LALAYUAN! BANTAYAN NINYO AT TINGNAN ANG MAGIGING REAKSIYON!... KUNG ANO MAN ANG MANGYAYARI AY IPATAWAG ULI AKO...
TINUPAD NINA TERESA ANG BILIN NG DOKTOR. MAGDAMAG NA BINANTAYAN ANG INA. MADALING-ARAW NA, NANG BIGLANG MANGAPATIGIL ANG ILANG TAONG NAGDARAAN SA TAPAT NG KANILANG BAHAY...
NANAY KO!... DIYOS KO PO... ANG NANAY KO!...
NANAY...! HU-HU-HU-HU... NANAAAAAY...!
ITUTULOY—




*"Naramdaman kong parang nangatog ang aking mga tuhod. At bago ako nakapagsalita, ay..."*

**Tunay na Pangyayari**

# "Iyang Kayabangan..."

***Pagtatapat ng isang Tin-edyer kay Benito R. Cadiz***

MASAMA raw ang taong mayabang. Ang aking ama't ina ay kabilang sa mga nagsasabi niyan. Subali't sa ganang akin, kung ang pagmamayabang ay nakapagbibigay-kasiyahan sa isang tao at hindi naman nakapipinsala sa kapuwa, ay hindi masama.

Matagal na tinaglay ko ang ganyang paniniwala. Nito na lamang kung kailan nagbago ang aking paniniwala, nang ako na rin ang mapinsala at mapasama — dahil sa aking kayabangan.

Kaya ngayon, upahan man ako ng gaano man kalaking halaga, hindi na ako magyayabang sa sinuman... kailan man!

Kung bakit biglang-bigla akong nagbago, naito't aking isasalaysay...

Gaya nga ng nabanggit ko, likas sa akin ang pagiging mayabang. Walang usapan, umpukan o ano mang pagkakataong hindi ako nagmayabang sa aking kapuwa, laluna sa harap ng mga dalaga. Talagang walang uuna sa akin sa kayabangan.

—Baka hindi ninyo alam... ako ang "valedictorian" sa amin noong magtapos ako ng *intermediate!* Ako rin ang "valedictorian" sa aming "high school", noong ako'y magtapos! —ang malimit kong pagmamayabang sa kakilala kong mga dalaga.

Naniniwala naman sila. Nguni't ang tutoo, muntik na akong hindi makatapos ng intermedya kung hindi "nahilot" ng aking ama ang ilang titser ko. Palad nang nakatapos ako ng "grade seven". At ano bang "valedictorian" sa "high school"? Ang tutoo'y hindi ako nakatuntong ng mataas na paaralan, sapagka't pinatigil na ako ng aking ama. Sayang lamang daw ang gagastusin sa akin, lalo't naghihirap kami sa buhay.

Minsan naman, ipinagmayabang ko sa ilang kaibigan na kinukuha akong artista sa pelikula.

—Binibigyan ako ng suweldong kinyentos pesos isang buwan, bukod pa ang bayad sa akin sa bawa't pelikulang lalabasan ko! —ang sabi ko pa. —Ayoko lang. Bakit, ito bang mukha kong ito e mukhang kinyentos lang? Kung isang libo pa... puwede nila akong makuha!

Ewan kung napapaniwala ko ang aking mga

"pinagpahanginan". Nguni't sa palagay ko, "sumikat" ako sa pagkakataong yaon dahil sa aking pagmamayabang.

At dahil din sa lagi kong pagmamayabang na iyan, nagkaroon ako ng isang "pen pal" na siyang nagpabago ng pagkakilala ko sa buhay.

Minsa'y nabasa ko sa pitak ng "pen pal" sa isang magasin ang pangalan ng isang umano'y magandang dalagang naghahanap ng kaibigan sa panulat. Sinulatan ko ang dalagang iyon, si Leticia, at ipinakilala ko ang aking sarili sa isang kapanapanabik na paglalarawan. Sinabi ko sa aking sulat sa kanya na ako'y anak ng isang asendero sa Bulakan; na nag-aaral ako sa isang unibersidad; na maganda akong lalaki at maraming "nalolokong babae" sa akin (kung sabagay ay talaga namang may-kagandahan din akong lalaki, gaya ng sabi sa akin ng aking ina); na nais ko siyang maging "pen pal" sapagka't ang kanyang mga katangiang ipinalathala niya sa pitak ng "pen pal" na kinabasahan ko ng kanyang pangalan ay siyang hinahanap ko sa isang dalagang nais kong maging kaibigan.

Ang unang sulat ko pa lamang kay Leticia ay tumanggap na ng kasagutan. At kami'y naging magkaibigan nga sa panulat.

Hindi ko malaman kung bakit sa pagsusulatan lamang ay nabihag na ni Leticia ang aking puso at kalooban. Napamahal siya sa akin... at nang lumao'y hindi ko napaglabanang umibig sa kanya.

*"Dahil sa mga kabutihan mo at mga pag-aalaala sa akin sa pamamagitan ng iyong mga sulat,"* ang sabi ko pa sa isang liham ko sa kanya, *"ay hindi ko napaglabanang sambahin ka at ibigin! At kung ako'y matatanggap mong kasintahan, nais kong magibigan tayo hindi sa pamamagitan lamang ng liham kundi sa katotohanan!"* At idinugtong ko pa, dala nga ng di ko maalis na kayabangan: *"Hindi ka naman magsisisi. Kung sakaling tayo'y magkatuluyang maging magkabyak ng dibdib, tayong dalawa ang mangangasiwang magpalago sa malaki nang kayamanang mamamana ko sa aking Papa't Mama."*

Hindi sinagot ni Leticia ang sulat kong iyon. Aywan kung bakit. Kaya sinundan ko pa ng ilang sulat na nakikiusap at nagmamakaawang lunasan na niya ang aking paghihirap. Sinabi kong hindi na ako makatatagal sa gayon naming kalagayan. Kaya kung talagang mahal din niya ako ay magkita kami sa isang pook upang magkakilala na kami nang lubusan. Sinikap kong malamuyot siya ng aking mga huling liham. Sinabi kong hindi naman siya magsisisi kung sakaling maging ganap na nga sa katotohanan ang pagmamahalan namin. Na akoy maginoo, mabait at maipagkakapuri (isang kayabangan na naman). Ikararangal niyang maging kasintahan ako sa tunay na buhay.

At sa wakas, nalamuyot ko rin ang kanyang kalooban. Sumang-ayon siyang kami'y magtatagpo sa isang pook sa Abenida Rizal. Sinabi ko sa kanya ang pagkakakilanlan niya sa akin, at siya naman ay gayundin.

Masayang-masaya ako nang dumating ang oras ng aming tipanan. Isinuot ko ang pinakamagara kong damit at ang bago kong sapatos. Sinabi ko pa nga pala sa huling sulat ko sa kanya (na atas din ng aking kayabangan) na magbubus na lamang ako pgaka't mahirap na kung dadalhin ko pa ang aming kotse. Isang abala pa kung saan ko ipaparada.

Sa "jeep" na sinakyan ko patungong Abenida Rizal ay nakasabay ko ang isa kong kakilalang binata. At dala ng aking kayabangan, ipinagmagaling ko sa kanya ang tipanan namin ng aking "pen pal".

—Tipak tayo kapag nagkataon! —ang sabi ko pa, na kusang ipinaririnig ko sa iba naming kasakay. —Anak ng Senador ang "pen pal kong iyon, at saksakan daw nang ganda, ayon sa isang kaibigan kong nakakikilala sa kanya!

Tatangu-tango lamang ang aking kausap. Patuloy naman ako sa pagmamayabang.

—Pero alam mo, kung hindi lamang naaawa ako, e, ayaw ko sanang makipagkita sa kanya, —ang sabi ko pa. —Mahirap na. Baka tayo mapikot nang di oras, e kawawa naman ang ibang "girl friend" ko. Pero nagmamakaawa, e. Pag hindi pa raw ako pumayag na makipagkita sa kanya, e magsusuwisaid siya! Talagang hindi na raw siya makatatagal na hindi kami magkakilala nang lubusan! *In love na in love* sa akin, e!

Hanggang sa sumapit kami sa may kanto ng Azcarraga at Abenida Rizal ay panay ang "pahangin" ko sa aking kakilala. At sa wari ko'y sikat na sikat naman ako maging sa iba naming kasakay na nakikita kong patingin-tingin sa akin.

Nagmamadali akong bumaba sa "jeep" at tinungo ko ang lugar na tipanan namin ni Leticia. Bago pa lamang ako nakatitigil sa pook na pinag-usapan namin sa sulat, ay sa-lalapit ang isang babaing gaya ng inilarawan sa akin ni Leticia na pagkakakilanlan ko sa kanya. At noon ko lamang napag-ukulan ng matamang pansin ang babaing iyon, na walang iba't ang isa sa mga nakasakay ko sa sinakyan kong "jeep". Hindi ko na napansin nang kasunod ko rin palang bumaba, at kasunod ko ring lumakad.

—Ikaw ba si Jaime? —Siya ang unang bumati sa akin.

—Oo... Ikaw ba si Leticia? —sagot ko namang biglang inalon ang aking dibdib.

—Oo, ako si Leticia. At dinaramdam kong sabihin sa iyong pinanghihinayangan ko ang panahong iniukol ko sa pakikipagsulatan sa iyo! Pinagsisisihan ko rin ang pagsang-ayong makipagkilala sa iyo sapagka't ikaw pala'y hindi ang Jaimeng nakilala ko sa ating mga sulat!

Naramdaman kong parang nangatog ang aking mga tuhod. At bago ako nakapagsalita ay mabilis na siyang tumalikod at nagmamadaling lumakad.

Hindi ko na hinangad na magpaliwanag pa o humingi ng paumanhin kay Leticia. Bakit pa? Wala rin lamang mangyayari ano man ang gawin kong paliwanag at pagsisisi. Hindi ko inakala man lamang na ang isa sa mga kasakay ko sa "jeep" na nakarinig ng aking mga kayabangan ay siya palang babaing katipan ko nang mga oras na iyon. At sinabi ko pang siya ang nagmakaawa sa akin upang kami'y magkilala na nang lubusan... saka ang iba pang *kayabangan* at *kasinungalingan!*

Hiyang-hiya ako sa nangyari. At hangga ngayon ay parang nadarama ko pa ang kahihiyang iyon —ngayong mawala na sa akin ang babaing naging matimbang sa aking buhay, nguni't kusang lumayo at umiwas dahil sa aking mga kayabangan. Sino nga naman ang babaing makapagkakapuri sa isang kagaya ko? Sino?

Kaya nga ngayon, kasabay ng pagkawala ni Leticia sa aking buhay ay nawala na rin ang aking kayabangan. Sapagka't napatunayan kong iyang kayabangan ay walang maidudulot na kabutihan sa sinumang tao! (X)

**Talagang Ang Kayabangan Ay Walang Kabutihang Naidudulot Sa Sinumang Tao, Manapa'y Pawang Kasamaan At Kahihiyan, Bukod Sa Nagiging Sanhi Pa Ng Pangit Na Pagkakilala Ng Kapuwa**


Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG



EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr., Boric Acid 10 gr., Berberine Sulphate 1/8 gr., Zinc Sulphate 1/4 gr. 12-1

Muling nagkamit ng karangalan ang Pilipinas sa katatapos na Southeast Asian Film Festival na idinaos sa Hapon. Nakuha natin ang pinakamahusay na direksiyon, potograpiya, "film editing" at ilan pang kategorya. Si Lamberto Avellana ng LVN ang nahirang na pinakamahusay na direktor.

Ang karangalang tinamo na naman ng Pilipinas sa larangan ng pelikula ay isang katunayang patuloy ang mabilis na pag-unlad ng pelikulang Pilipino. At ito'y isang hamon sa iba pang samahan sa pelikula sa Kapuluan — upang magpamalas naman ng kanilang kakayahan at kahusayan sa paggawa ng mga panooring ikararangal nating itanghal maging sa ibang higit na mauunlad na bansa.

---

*Talagang ang trangkaso ay laganap sa lahat nang dako. At walang patawad! Maging ang mga bituin sa puting-tabing ay hindi nakaligtas sa epidemyang ito.*

*Ang kandidato sa pagka-senador na si Rogelio de la Rosa ay iginupo ng trangkaso. Nabitin tuloy ang siyuting na nilalabasan pa niyang ilang pelikula, gayundin ang kanyang mga nakatakdang pagtatalumpati at mga "personal appearance".*

*Ani Rod: "Hindi baleng ako na lamang ang madale ni Tranki! Huwag lamang sana ang aking mga anak na maliliit at ang aking maybahay!"*

*Nguni't nang mga sandaling sinusulat ito ay tila "hinaharana" na rin ni Tranki ang isa niyang anak, gayundin si Gng. de la Rosa (Lota Delgado). Hindi pa lamang makapanhik sa kanilang tahanan pagka't pilit na itinataboy nila at ayaw pagbuksan ng pinto.*

---

Ang mag-anak na Cesar Ramirez, Alicia Vergel at Ace-York ay sabay-sabay na "ibinagsak" din ng trangkaso. Napasok sa ospital ang mag-anak at ilang araw na nangaratay sa Family Clinic sa Maynila. Nakabukod ng kama si Alice, samantalang ang mag-ama ay magkasama sa iisang higaan. Iyon daw ang gusto ni Cesar upang hindi mawalay sa kanyang piling ang minamahal na bunso.

Nasabi tuloy ng isang nars: "Talagang itong sina Cesar at Alice ay lubhang mapagmahal sa kanilang anak! Hanggang sa oras ng pagkakasakit ay ayaw malayo sa kanila ang bata!".

"Mangyari pa!" nakangiting sabi naman ni Cesar, na hindi na naipagpatuloy ang pagsasalita pagka't sinasal ng ubo at tumalikod sa kausap.

Magaling-galing na naser ng mga pelikulang nilalabasan nila na nangabitin ang siyuting dahil sa kanilang pagkakasakit.

---

*Isa pang pangkat ng mga kilalang bituin at tauhan sa puting-tabing ang di nakaligtas sa trangkaso. Ito'y sina Direktor Manoling Conde, Melita de Leon, Berting Labra, Olivia Cenizal, Abraham Cruz, isa ang napagkilalang mahina pala ang loob sa pagkakaroon ng karamdaman: si Olivia. Nang dapuan siya ng trangkaso ay panay na raw ang "bilin" sa kabyak na si Direktor Josefino Cenizal. "Ang bata... huwag mo sanang pabayaaan, ha, darling?" ang wika pa raw nang nasa katindihan ang trangkaso at medyo sina-*


# Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain

## Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay

✔ Maghapong Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!
✔ Karakarakang Pumapawi sa Masamang Hininga!
✔ Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan nilang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon.

*Sapagka't*


**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nililinis ang ngipin — hindi lamang pinakikisiap at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!




Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon! May kasiya-siyang lasang maanghang na naiibigan ng buong pamilya.

* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate




Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas
...Sa E. U. A. ...Sa Buong Daigdig!

*Mapapansin ang pagkabahala ni Edna Luna sa pasyenteng si Fernando Poe, Jr. na tila may mabigat na sakit. Ito'y tagpo sa ika-5 kuwento ng "BICOL EXPRESS" na pinamamahalaan ni Direktor Teorodico C. Santos.*



*Tila nangungusap ang mga ngiti nina Nida Blanca at Bimbo Dana, at sila lamang ang lihim na nakauunawa! Ito'y tagpo sa "TURISTA" ng LVN na kasalukuyang isinasapelikula sa Tokyo, sa direksiyon ni F. H. Constantino.*



bulung-bulungan nang mga nakaraang araw ay silang dalawa ni Charito ang tila "nagkakamabutihan".

Kung ano ang kalalabasan ng pagtatambal na ito nina Charito at Eddie ay siyang pinananabikang malaman ng kanilang mga tagahanga.

---

*Isang balita ang tinanggap ng Premiere buhat kay Cirio H. Santiago na kasalukuyang nasa Hollywood, kasama nina Direktor Gerardo de Leon at Eddie Romero. Ayon sa balita, dalawang malaking kompanya ang "nag-aagawan" upang siyang maging tanging tagapamahagi ng* The Day of the Trumpet *ng C. H. Santiago Film Organization na pinaggugulan ng samahan ng halagang* ₱600,000.

*Sinabi ni Cirio na ang "editing" ng Trumpet ay malapit nang matapos, at tatagal na lamang ng humigit-kumulang sa tatlong linggo. Ang pagtatanghal nito sa iba't ibang panig ng daigdig ay masisimulan na pagkalipas ng mga anim na linggo.*

---

Lahat nang dumalo sa

*pian na ng lagnat. Ang tinutukoy ay ang kanilang anak.*

*Haplos daw naman nang haplos si Pepe sa noo ni Olivia at siyang nagpapalakas ng loob sa asawang natutulo na ang luha.*

*"Kung ako'y mamatay, mag-aasawa ka pa ba, ha, dear?" wika pa raw ni Olivia.*

*Pinahid daw ng direktor ang luha ng asawa, at ang magiliw na sagot: "Pag nawala ka sa aking buhay, hindi na ako kukain, hindi na ako matutulog, hindi na ako hihinga! Mamamatay na rin ako! Kawawa naman ang atin ganak! Kaya sikapin mong gumaling ka agad at huwag mong isipin ang mga kabaliwan, ha, Ney?"*

*Dahil daw sa sinabing iyon, sinikap nga ni Olivia na gumaling siya agad. At ngayo'y maligayang-maligaya na uli sila sa kanilang tahanan.*

*Isang bagay ang napatunayan sa pagkakasakit na iyon ni Olivia: na sadyang kahilihili ang pagmamahalan nilang mag-asawa!*

---

May sakit ngayon ng ulo si Direktor Gregorio Fernandez. Ito'y kaugnay ng balitang pamamahalaan niya ang *Sampung Libong Pisong Pag-ibig* na pagtatambalan nina Charito Solis at Eddie Rodriguez.

"Mahirap ito, kung matutuloy..." anang direktor.

Magandang balita sana iyon para sa mga tagahanga ng dalawang bituin. Matagal na nilang pinananabikang mapanood sina Charito at Eddie na "magkasintahan" sa pelikula. Nguni't para nga kay Direktor Fernandez ay mahirap naman para sa anya. Sapagka't ang dalawang bituin ay nabalitang tila nagkakasamaan ng loob nitong mga huling araw. Ang dahilan ay ang nababalita namang tila "mabuting pagtitinginan" nina Charito at Leroy. Natural lamang na magdamdam at sumakit ang loob ni Eddie pagka't gaya ng naging



*Minsa'y nakatuwcang "igudtaym" nina Romeo Vasquez, Barbara Perez at Marlene Dauden ang kaibigang si Tony Marzan... at ito ang nangyari. Nguni't nang "gumanti" naman ang huli ay "sumakit ang ulo" ng tatlo at muntik nang mangatrangkaso!*



*Sina Eddie Fisher at Debbie. Reynolds, sa "BUNDLE OF JOY" ng RKO na malapit nang mapanood ng madla. Isang pelikulang "technicolor", ang marikit na panooring ito na produksiyon ni Edmund Grainger at direksiyon ni Norman Taurog ay ginagampanan ng mga kilalang bituin ng Hollywood na kinabibilangan nina Adolphe Menjou, Tommy Noonan, Nita Talbot, Una Merket, Melville Cooper, Bill Goodwin, Howard McNear, Robert H. Harris, Mary Treen, Edward S. Brophy, Gil Sratton at Scott Douglas.*

nakaraang pagdiriwang sa kaarawan ni Kapt. Bonifacio F. Ongpauco ng Everlasting ay lubos na nasiyahan. Ang higit nilang tinamasa sa gabi ng pagdiriwang ay ang masasarap na sugpo, alimango, litson at iba pang pagkaing pinagsalu-saluhan ng lahat.

Isang palabirong peryodista na naanyayahan sa pagkakataong iyon ang nagsabi: "Ilang beses ba sa isang taon ang 'birthday' ninyo, *Capt?*"

Kung ganoon nga naman ang handaan at ang kasiyahang tatamuhin ng mga panauhin ay linggu-linggo na sana ang kaarawan ni Kapt. Ongpauco!

---

*Si Daisy Romualdez ay "nangungulila" ngayon at nalulungkot. Ang dahilan: naiwan siya ng matatalik niyang kaibigan, kabilang si Gloria Romero, na nagsipangibang-bansa. Ayon sa balita, binabalak tuloy ni Daisy na "mamasyal" naman sa Amerika upang hindi siya "madehado" sa mga panahong itong karamihan sa mga bituin ay nagsisialis sa sariling bayan. Hindi lamang maisagawa kaagad ni Daisy ang kanyang balak pagka't kasalukuyang ginagawa niya ang* Mga Ligaw na Bulaklak.

---

Si Val Castelo ay mapapanood bilang ganap nang bituin sa *Conde de Amor* ng LVN. Sa mga nakaraang pelikula niya ay lumalabas siya bilang katulong na bituin lamang, na kadalasa'y katambal ni Lita Gutierrez. Ngayon, binigyan siya ng pagkakataong maging "tunay na bida" na sa pelikula. Kung sino ang makakatambal niya ay siyang wala pang katiyakan hanggang sa mga sandaling sinusulat ito.

---

*Marami ang nananaghili sa "kapalaran ni Zaldy Zshornack, laluna ang mga bituin sa putingtabing na kasabay niyang pumagitna sa larangan ng pelikula. Sa loob nga naman ng napakaikli pang panahon ay "sikat na sikat na" si Zaldy, at pinalad pang mapunta sa Estados Unidos dahil sa siyang bidang lalaki sa* Sweetheart *na ginayawa sa Hollywood.*

*"Talagang ganyan ang kapalaran ng tao!" sabi ng isang prodyuser. "May ipinanganganak upang lumikha ng malaking pangalan sa loob lamang ng halos iisang kisap-mata!"*

---

Binili ng Sampanguita ang karapatan sa pagsasapelikula ng isang natatanging kasaysayang hango sa tunay na pangyayari. Ito'y ang kasaysayan ni F. C. de la Rama, ang milyonaryong sa halos iisang kisap-mata ay namulubi. Ang ipapamagat ay *Iisang Milyong Kasalanan.*

---



*Ano kaya ang nangyayari at ganito ang anyo nina Luis Gonzales at Barbara Perez? Ito'y sa "COLEGIALA" ng Sampaguita na sinulat ni Delfin Ferrer Gamboa at pinamahalaan ni Direktor Tony Cayado. Kasamang itinatampok si Gloria Romero.*

*Ito'y nakatutuwang pangyayari. Isang araw, nagkakatuwaan ang mga taga-Premiere sa pagbibiro kay Lopito. Isang dagang bubuwit ang inihagis sa kanya ng mga kasama, at lukso naman siya nang lukso. Takot pala sa daga ang diyaske, kaya nakakatuwaang igudtaym ng mga kaibigan.*

*Pinagpapawisan na si Lopito, nang sa-lalapit si Eliong Navarro. Dumukot sa bulsa at tikom ang palad na may iniaabot kay Lopito. Napatakbo na naman si Lopito at muling kinilig sa takot. Napakunot-noo si Eliong, nguni't natawa na lamang nang malaman kung bakit nagkagayon ang isa.*

*Ang ibinibigay pala ni Eliong kay Lopito ay ilang pases. Nang malaman ni Lopito ay saka lamang muling lumapit na ngingiti-ngiti. "Hindi mo sinabi agad, e..." ang wika, at ipinamulsa agad ang mga pases upang ipamigay sa kanyang mga kaigiban.*

---

## Dalawang...

(*Buhat sa pah. 20*)

hagi ng nagwaging kuwento:

**Ako'y hindi sadyang matatakutin, nguni't ngayon, ang sagila ng pangamba'y unti-unting tumalab sa akin.**

**Sa labas, ang kalikasa'y may tinig na sali-salimout... Sumasama ang panahon, at aywan ko kung anong kutob ang pumukaw sa akin, para bang nagbabalang may mangyayari sa gabing iyon.**

Ang dahilan ng kanyang maingat na pagbalangkas sa kuwentong ito ay sapagka't ito ang inihanda niyang plano o palatuntunang ibig niyang landasin ng kanyang kaluluwa ukol sa pananampalataya.

Si Diego, ang pangunahing tauhan sa **Kahiwagaan**, ay si Pablo N. Bautista sa totoong buhay. At sa kabuuan, ang naturang akda ay may tatlong magkakaibang panahon (kung panahon ngang maituturing) na siyang pinagdaanan ng pangunahing tauhan at siya ring ibig ni Pabling na maging katotohanan sa kanya.

Una, ang panahon ng kawalang-pananampalataya. Ganito ang banggit sa kanyang kathang ang pagsasalaysay ay nasa unang panauhan, na ang ikalawang tauhang tinutukoy ay ang kanyang ama-amahan, si Ama Hosep:

**Ukol sa pananampalataya, minsan ay narinig ko sa kanya ang ganito: "Walang makapagsasabing ang isang pangkat ay siya na ngang biniyayaan ng Makapangyarihan. Kailangan niyang maghanap ng landas. Ang landas ay nasa pananalig."**

**...Hindi ko malaman kung bakit para niyang nahuhulo pati ang aking kalooban. Marahil ay napapansin niyang hindi ko pinag-uukulan ng pag-aaral ang kanyang mga paniwala.**

**Ang bagay na yao'y natuklasan niya isang araw. Naratnan niya akong nagbabasa ng aklat ukol sa paniniwala ng isang ateo.**

Ang ateo ay hindi naniniwalang may Diyos.

Ikalawa, ang panahon ng pagpapakilalang may isang Makapangyarihan sa pamamagitan ng mahiwagang paggipit ng kalikasan kay Diego na tulad ng sumusunod:

**Sa kabila ng papalakas na hangin na ngayo'y sinasaniban ng papalakas na ulan ay naramdaman kong nagpupuyos ang pawis sa aking noo, yao'y naramdaman kong tumatagistis sa aking pisngi...**

**Sa sandaling yaon, aywan ko, kung bakit, biglang-bigla kong naiusal: Tulungan Mo po ako...**

At ikatlo, ang panahon ng pagtatagumpay ng pananampalataya:


**Ang paningin kong galing sa karimlan ay binati ng liwanag at kapayapaan. Di-kaginsaginsa, ang mga tinig ay pumailanlang sa katahimikan: buong mga tinig ng nagsisipanalig, nagkakaisang pagdarasal ng mga tao sa gitna ng lagim... Sa kauna-unahang pagkakatao'y natagpuan ko na lamang ang aking sariling nakaluhod.**

Ang mga iyan ang tatlong magkakaibang yugto sa buhay ni Diego. At iyan din ang mga yugtong sana'y panununtunan ni Pabling, danga't ang unang bahagi lamang ang naging ganap na katotohanan.

(*Durugtungan*)

*KUNG KAYO'Y MAKAPAGSISIPILYO PAGKAKATAPOS KUMAIN, IYA'Y NAPAKAGALING — KUNG HINDI'Y. . .*

# Naito ang bagong GLEEM ng PMC ukol sa mga hindi makapagsipilyo pagkakatapos kumain!



**MINSAN LAMANG PAGSISIPILYO**

**ay nakapupuksa ng mga mikrobyong sanhi ng pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig!**

Anong nagiging sanhi ng pagkabulok ng ngipin? Mga mikrobyo sa bibig. Lahat ay mayroon nitong mga mikrobyo. Ang Gleem na may katangi-tanging GL-70 ay nakapupuksa ng hanggang 90% ng mga mikrobyong ito — sinusugpo ang pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig!




## Sa Amerika, ang Gleem ay agad naging mabili.

Ang mga abalang Amerikano ay nangailangan ng isang toothpaste na mangangalaga maghapon sa minsan lamang pagsisipilyo!


Kung kayo, tulad ng maraming abalang tao, ay hindi makapagsipilyo pagkatapos kumain, gumamit ng Gleem — ang toothpaste na tumutugon sa makabagong suliraning ito. Napatutunayan sa mga siyentipikong pagsubok na sa minsan lamang pagsisipilyo ng Gleem bago mag-agahan ay mapananatiling presko ang inyong bibig sa buong maghapon!






**Mikrobyo sa bibig na pangunang sanhi ng pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig ay dumaraming tulad nito sa magdamag.**

**Minsan lamang pagsisipilyo ng Gleem ay nakapupuksa ng hanggang 90% ng mga mikrobyong ito.**



**Naiibigan ng mga bata ang napakainam na lasa ng Gleem!**

Ito'y inyo ring maiibigan. Ang Gleem ay may bago, mas preskong lasang kinawiwilihan ng mga bata. Madali silang mahimok sa palagiang paggamit ng Gleem!

**Gleem lamang ang may GL-70 — bagong panlinis at panlaban sa pagkabulok ng ngipin!**

Copyright PMC 1957